Magasin ng BAGONG Buhay

MAR 1 , 1958

MARSO 9, 1958



**"DIGMAAN" SA SILANGANG LUSON** Pah. 2-3

• *Ang Romansa Nina Zaldy at Shirley* Pah. 28-29

# "DIGMAAN" SA SILANGANG LUSON



**Minsan pang gumawa ng pagsasanay ang hukbong Amerikano't Pilipino bilang paghahanda sakaling magkaroon ng pagsalakay buhat sa labas; at ang ipinamalas ng ating mga kawal ay naging kasiya-siya sa mga pinuno ng hukbo at sa lahat nang nakapanood**

ISA PANG pagsasanay na militar (digma-digmaan) ang ginanap sa Dingalan Bay, Silangang Luson, simula noong ika-17 ng Pebrero at natapos nang linggong ito. Ito'y ang *Exercise "Strongback"*, pinakamalaking maniobrang pantubig ng Hukbong-dagat ng Estados Unidos mula noong ikalawang digmaang pandaigdig, at isinagawa nang kasama ang ilang pangkat ng hukbong Pilipino sa layuning "maipakita ang kahandaan ng Estados Unidos sa pagsaklolo sa isang kapatid na bansang nasa ilalim ng pananalakay ng mga kaaway." Layunin pa rin ng maniobrang ito ang paghahanda sa Hukbo ng Pilipinas.

Sa ilalim ng pamamahala ni Kom. Hen. David M. Shoup ng Ikapitong Plota ng Estados Unidos sa panig ng mga kawal-Amerikano at ni Hen. Tirso Fajardo na siya namang namuno sa mga kawal-Pilipino ang *Exercise "Strongback"* ay tinampukan ng sumusunod na mga pangkat: *3rd Marine Division, First Marine Air Wing*, ng mga *Amphibious Squadron*, mga *helicopter* na gumanap na mga tagapaglunsad ng mga kawal na sasalakay, isang *anti-submarine carrier task group*, mga *underwater demolition units, regimental combat team* ng *First Bolo Div., First Marine Rifle Company* ng Hukbong-dagat ng Pilipinas, isang iskuwadron ng mga F-86 *sabrejets*, F-51 *Mustangs*, mga *helicopter* at aeroplano.

Ang nagsilahok sa pagsasanay ay umabot sa 80,000 katao, 600 mga sasakyang panghimpapawid at 100


MAGASIN NG BAGONG Buhay

Lumalabas tuwing Linggo ng umaga na kalakip ng pahayagang BAGONG BUHAY
Tanggapan: Manila Times Bldg., Florentino Torres, Sta. Cruz, Maynila
Pansamantalang limbagan: PSP Press, Sampaloc Ave., Lunsod Quezon


Namamatnugot: EDDIE RAÑOLA

MERCEDES R. MACALALAG — Pitak-Pantahanan
PETE VENEZUELA — Sa Sining
GREGORIO R. FLORENCIO — Kagawad
BEN T. SANTOS — Potograpo

HALAGA NG SUSKRISYON (LINGGO LAMANG)
Tatlong buwan . . . P3.00 Anim na buwan . . . P6.00
Isang taon . . . P12.00
Doble ang halaga kung ipadadala sa ibang bansa



Ang panaklolong pangkat ni Kom. Hen. David M. Shoup ng "1st Marine Expeditionary Force," samantalang lumulunsad upang lalo pang palakasin ang isang lumulusob na hukbo na nasa kapatagan na ng Coronel River. Ang hukbong ito'y inilunsad sa pamamagitan ng isang "landing craft" ng "Amphibious Task Force" ni Almirante F. C. Stelter, Jr., na nakadaong sa Dingalan Bay at nakatalagang sumubaybay sa lakas na pangkatihan.



Ilan sa mga piltong pang-jet ng Hukbong Panghimpapawid ng Pilipinas samantalang nag-uusap-usap sa huling sandali ng kanilang paghahanda sa gagawing paglipad laban sa mga "mananalakay". Nasa dakong likuran ang mga aeroplanong kanilang sasakyan. Ang mga aeroplanong ito'y bahagi ng task force na pinamumunuan ni Kor, M. Reventar.

Kuha sa gitna ng malakas na ulan, samantalang gumagawa ng isa pang "pagsalakay" ang "US Marine".



mga sasakyang-dagat. Ang mga ito'y hinati sa dalawang pangkat, ang una'y mga "mananalakay" o "kaaway" at ang ikalawa'y mga "sinasalakay" o "tagapagtanggol" At sa pagmamasid ng mga kinatawan ng maraming bansa, kasama ang Pangulong Garcia, ay natanghal ang isang digma-digmaan — ang paglunsad ng mga "kaaway" sa dalampasigan ng Dingalan at pagtatanggol naman ng mga "sinalakay" (ang bahaging ito na siyang pinakatampok ng pagsasanay ay ginanap noong Marso 1, na binansagang "D-Day").

Ayon sa mga nakasaksi sa mga ipinamalas ng ating hukbo sa maniobrang "Strongback" ay kasiya-siya ang ginawa ng ating mga kawal. Marahil ito'y bunga ng mga nakaraang mga pagsasanay na isinagawa na rito, gaya ng "Beacon Hill" (dito'y naging mga tagapagmasid lamang ang mga kawal-Pilipino), "Operation S e a l i n k" noong Mayo na nilahukan na ng isang bahagi ng ating Hukbong-dagat at ang "Operation Phiblink" noong Nobyembre at Disyembre ng nakaraang taon na dito'y gumanap na rin ang ating hukbong-dagat sa isang paglunsad buhat sa tubig kasama ng *United States Marine*.

Anupa't hindi matututulang ang ating Hukbo'y nabibigyan ng malaking kahandaan sa mga pagsasanay na ito. At ito'y kailangan lalo't iisiping ang Mosku ay nagbabanta, sa sandaling magkaroon ng digmaan, ng pananalakay sa mga bansang may base ng Estados Unidos.





# Mga Deboto Ng Isang Santa

SI SANTA BERNARDITA, ang Babaing Pinagpala ng Diyos, ay ginunita ng maraming mananampalataya nang ipagdiwang sa Lourdes, Pransiya, noong ika-11 ng Pebrero ang ika-100 anibersayo ng araw na unang napakita sa Santa ang Mahal na Birhen Maria. Humigit-kumulang sa isang milyong deboto buhat sa iba-ibang bansa ang nagkatipun-tipon sa harapan ng Basilika ng Lourdes. Dito'y nagsipakinig sila ng Banal na Misa at taimtim na nagsipanalangin sa pamumuno ng Mahal na Papa na nagsalita sa radyo buhat sa Batikano.

Marami sa mga nagsidalo sa makasaysayang araw na ito ang nagsipanggaling pa sa Estados Unidos, Inglaterra, Irlanda, Italya, Kanlurang Alemanya at Timog-Amerika. Karamihan ay mga may sakit, pilay, lumpo, bulag, pipi, at iba pang kapansanan. Nagsisama ang lahat sa mahabang prusisyon patungo sa Basilika (larawan sa itaas) na siyang pinagtipunan ng makapal na taong nagpakilala ng lubos na pananampalataya sa pinipintakasing Santa (kanan).


# MGA BALITANG PANDAIGDIG (SA LARAWAN)



**"WANTED: HUSBANDS"** — Ang nasa larawan ay si Nadine Tallier, artistang Pransesa. May isang magandang balita tungkol sa kanya para sa inyo. Si Nadine ay nagpahayag kamakailan na nakahanda siyang pakasal sa walong lalaki buhat sa walo ring nasyon. Nguni't idinugtong naman niyang isa-isa lamang — isa sa isang panahon. Ngayon, kung may interes kayo, naito ang ilan sa pagpipilian niya —na maaaring mabago, para may pag-asa ang mga Pilipino: Amerikano, Pranses, Ruso, Italyano, Arhentino, Aleman at Kastila.

**TINGNAN N'YO ULI** — Ang nakikita ninyo'y aso, opo a-s-o, aso. Tingnan ninyo uli. Siya'y si Sparky, isang asong Aleman. Ito ang naging ayos niya nang suutan siya ng pangginaw ng kanyang amo dahil sa lamig ng panahon. Nagyeyelo ngayon sa Amerika, para malaman ninyo.








**ISA PA SA MGA "SPUTNIKITIS"** — Ang mga ayos na ito ng buhok ay itatanghal sa pagbubukas ng karnabal sa Frankfurt, Alemanya. Ang nasa kanan ay tinawag na "Sputnik" at ang nasa kaliwa ay "Footpad".

**LARUAN?** — "...Noong unang makita ko ito'y di ako makapaniwalang ito'y lilipad. Ang akala ko'y laruan lamang," pahayag ni Ten. Clyde Schindler, nasa larawan. Nguni't nang sumakay siya at paliparin ang aeroplano ay nabigla siya. Tinatawag na "guided missile with a man", ang sasakyang itong uring **F-104A Starfighter** ay napakabilis!

# ANG MGA TIN-EDYER: NOON AT NGAYON



**Nagiging mapusok ang mga tin-edyer sapagka't labis na tinatalakay ang kanilang mga ginagawa. Huwag lamang silang gaanong pansinin, sila na rin ang kusang titigil . . .**

***ni Edilberto Bagnes***

ANG MGA TIN-EDYER — ang kanilang kasigabuhan at ang kanilang katangiang umakit ng paghanga at pagkamuhi ng madla—ay isa nang luma at karaniwang kasaysayan... hindi bagong paksa sa kasalukuyang panahon.

Panay ang pagkakalathala ngayon ng mga tin-edyer sa mga dahon ng pahayagan, magasin, komiks at iba pang babasahin. Sila ang tampok... sila ang tumatawag ng pansin. Sa mga pelikula, sa iba-ibang paligsahan, ay sila pa rin ang pinagtatapunan ng tanaw.

Sa mga pagkakataong iyan, sila ang madalas hangaan. Nguni't sa napakarami ring pagkakataon, sila ang madalas kutyain, itaboy at pangilagan.

At sa kanila nakapako ang pansin ng matataas na pinuno sa pamahalaan ... ng mga samahang sibiko... ng "matatakuting" mamamayan.

Ngayon ay abala ang lahat sa pag-iwas sa mapanggulong mga tin-ed'yer. Paano'y mga tin-edyer ang nangunguna sa talaan ng mga pag-aaway, pananakit, panghaharang, pangungulimba't, pananakot. Sa kanila nakatuon ang pansin ng buong bansa.

Kapag ang isang tao'y napagawi sa isang maykadilimang pook, hindi niya maiwasan ang mangamba... matakot sa isang pangkat na maaaring sumulpot sa ano mang sandali. At sa paglitaw ng pangkat na iyon, hindi na siya makakikilos. Dalawang bagay lamang ang maaari niyang isagawa: ibigay ang "hiling" ng pangkat ng tin-edyer, o umuwi siya nang pasa-pasa ang katawan. Kung minsan, ang taong makakasagupa ng pangkat ay hindi na nakauuwi kahit "mapagbigyan" pa niya ang mga tin-edyer.

Kinabukasa'y malalathala sa mga pahayagan ang pangyayaring iyon. Sa susunod na araw, dalawa pa o tatlong gayong balita ang maaaring lumitaw. At sa pagi-pagitan ng mga araw, may malalathala pang mga kauri niyan: pilit na pang-aagaw ng mga maaaring maibenta, pagbasag ng mga eskaparate, at iba pang masasamang gawa.

Diyan nahirati ang bayan. Sa mga nalalathalang karahasan ng mga tin-edyer ay nabuo sa isip nila na ang kasalukuyang kabataan ay kumikilos nang di-ayon sa kanilang edad. *Kailangan nilang matuto*, maipapasiya ng mga nakauunawa sa kanilang pananagutan.


Lumaganap noong 1954, ang pangkat ng mga tin-edyer ay naging mapusok sa bawa't kilos nila. Naglitawan ang mga *James Dean* sa iba't ibang katauhan. Nagkaroon din ng mga *Jesse James* at *Daltons*.

Ang mga hinuwad na katauhang iyan ay tagaibang bansa. At iyan ang magpapatunay na ang mga tin-edyer ay hindi sumilang sa Pilipinas lamang, kundi sa buong daigdig.


Katunayan noon pa mang 1954 ay nagdaos na ng Panayam na Pandaigdig ang 21 bansa sa Asya na ginanap sa Tokyo. Ang layunin nito ay talakayin at bigyang-lunas ang mga suliranin sa kapusukan ng mga kabataan. Ginaganap ang panayam tuwing tatlong taon, at ito'y dinadaluhan ng mga "nakauunawa" sa mga tin-edyer. Ang ganitong pagpupulong ay tinatanggap na mahinahon at mabisang paraan ng pagtuturo sa lahat ng kabataan sa lahat ng bansa.

Kung gayon, hindi lamang Pilipinas ang may mabigat na suliranin sa mga tin-edyer. Nguni't

ISANG PANGKAT ng mga batang nagsusugal sa pamamagitan ng mga baraha. Sa simula'y mga "teks" lamang ang kanilang pinagkakatalunan, hanggang sa mauwi sa pagpupustahan ng pera at maging sanhi ng isang masamang bisyo.



SINUSURI ng mga may-kapangyarihan ang duguang kahoy na ipinamalo ng dalawang magnanakaw na tin-edyer sa dalawang biktimâ, kaugnay ng isang harangang naganap sa siyudad ng Maynila.



bakit nagiging popular dito ang karahasan ng pangkat ng kabataan? Dahil kaya sa "pagsuko" ng mga may-kapangyarihan? O dahil sa pagtangkilik ng bayan?

Ang mga may-kapangyarihan ay hindi sumusuko sa karahasan ng mga tin-edyer; at ang bayan ay hindi tumatangkilik sa mga mapanggulong pangkat. Walang tiyak na pananagutan ang bayan. Gayunpaman, ang mga mamamayan na rin ang sa isang paraa'y maaaring tukuyin sa paglaganap ng "sakit ng kabataan"... dahil sa labis nilang pagpuna sa pangkat ng mga tin-edyer.

Noon pa mang panahon ng Liberasyon, naging marahas na ang mga tin-edyer. Noon pa'y nananakit na sila, nangungulimbat, pumapatay. Nguni't nang panahong yaon, silá'y hindi gaanong iniino ng bayan. Kung lumilikha man ng gulo at alingasngas ang mga tin-edyer, sapat na ang iyo'y malathala sa maliit na pitak sa pahayagan at pagkatapos ay limutin na, habang sinisikap dakpin ng mga alagad ng batas. At sapagka't hindi gaanong pinapansin noon ang mga tin-edyer, hindi madalas maganap ang kanilang karahasan.

Ngayon ay iba ang pagpapalagay ng bayan. Naging labis ang pagpapahalaga sa mga gawain ng kabataan. Ang isang karahasang maganap ay malalathala sa malalaking titik sa mga pahayagan, maisasahimpapawid sa radyo, mailalarawan sa mga magasin, magpapasalin-salin sa bibig ng nakamasid, nakabasa o nakabalita.

Hindi masasabing higit na mababait ang mga tin-edyer noon. Ang tutoo, kasinggilas din sila ng mga tin-edyer ngayon. Ipinamalas ng isang pangkat ng mga estudyante noong Oktubre 14, 1946 ang pagnanais nilang lumaktaw sa kapangyarihan ng batas. Kagagaling sa isang ligaang mga manlalaro ng Arellano Colleges sa Pasig, Rizal ay nakasakay sa kanilang sasakyang pampaaralan. Sa hindi sinasadyang pag-atras ng wagon ng mga *MP* na may sakay na anim na preso, nabundol ang kanilang sasakyan. Lumusob ang mga estudyante at nakuhang agawan ng *carbine* ang mga alagad ng batas. Binugbog ang mga MP.

Bunga ng pagsasagupaang iyon ay nakatakas ang dalawa sa mga preso.

Walang pinag-iwan doon ang mga pangkat ng mga tin-edyer ngayon. Wala silang habas sa pagpatay ng mga "napag-iinitan" nila. At kadalasan, mga tin-edyer din ang kanilang sinasaktan.

Sa Baryo Buenavista sa Heneral Trias, Kabite, kailan lamang ay dalawang bata ang "nakatuwaang" paulanan ng punlo ng isang pangkat ng mga tin-edyer. May kaalit na pangkat ang mga tin-edyer na iyon at, upang mapalipas ang kanilang galit, napagbalingan sina Victoriano Almazan, 13, at Alfonso Primero, 17. Nasa tindahan noon ang dalawang bata nang sila'y kaladkarin ng pangkat, at dalhin sa di-kalayuan sa tindahan. Hawak ang isang ripleng Garand, walang awang pinaputukan ng pangkat ang kanilang biktima. Si Almazan ay namatay at si Primero ay nasugatan nang malubha.

Sa kalupitang iyo'y hindi nakakilos ang mga nakakita. Ang namuno sa pangkat ay tiniyak na si Rosendo Ocampo, 19 na taong gulang, ng Baryo Buenavista rin.

Dahil sa pangyayaring

(Sundan sa pahina 8)

## ANG MGA TIN-EDYER . . .

KARUGTONG

iyon, iniutos ng PC ang puspusang pagtugaygay sa mga salarin, at pagpapaputok sa mga ito kung hindi susuko nang mahinahon.

Ganyan na kabagsik ang mga alagad ng batas ngayon. Ang isang tin-edyer ay itinuturing nang isang karaniwang kriminal. Hindi lingid sa mga kabataan ang ganitong pagtuturing sa kanila kaya, hindi man dapat sa kanilang gulang, kumikilos sila nang parang tunay na gangster.

Pinagtibay ng Sangguniang Pambayan ng Bulakan, Bulakan, ang isang ordenansang nagbabawal sa mga tin-edyer na magpunta sa mga sayawan at pasugalan, at sa pag-inom ng alak. Sa lahat halos ng pook ay mayroon ng ordenansang iyan. Nguni't napipigil ba ang mga kabataan? Hindi. Manapa, lalo silang nagiging masigasig sa paglabag.

Sa kabilang dako, ang ganoong mga batas ay nakatutulong din. Danga't hindi sapat upang ganap na limutin ng mga tin-edyer ang mga kakilala-kilabot nilang gawi. Kung paanong hindi isinasaalang-alang ng tin-edyer ang kanilang ikinikilos, hindi rin nila pinapansin kung sino pa ang kanilang masaktan.

Isang batang lalabing-isang taong gulang ang sinaksak ng *ice-pick* sa sikmura noong Nobyembre, 1957. Sapagka't hindi nakadadaloy ang dugo na nasasaksak ng *ice-pick*, si Manuel Jacob ay agad namatay. Ito'y naganap sa Makati, Rizal. Isang pangkat ng kabataan ang may pananagutan sa trahedyang ito.

Ang pangyayaring nabanggit ay halos kasabay ng ilan pang nakapangingilabot na kalupitang ipinamamalas ng mga pangkat-pangkat ng mga tin-edyer. At iya'y sanhi ng labis na tiwala sa kanilang sarili. Iniisip nilang nasa gulang na sila upang gumawa ng gayong kalapastanganan.

Kung iuugnay sa nangakaraang pangyayari, makukurong ang mga tin-edyer, maging noon pa mang panunungkulan ng Pangulong Manuel Roxas, ay gumagawa na rin ng walang-awang pagpatay. Noong Oktubre 28, 1946, tatlo katao ang napatay at isang pulis ang nasugatan dahil sa paglusob ng tatlong sandatahang tin-edyer sa perokaril, sina Fidel Rayala, 18; Miguel Esguerra, 19; at Ignacio Abilado, 19.

Di nagluwat at nadakip din ang mga tin-edyer na iyon.

Subali, noon, ang gayong mga pangyayari'y hindi gaanong binibigyang-halaga, kung ang tutukuyin ay mga salarin. Hindi naging popular ang mga tin-edyer dahil sa gayong pangyayari. Hindi sapat iyon upang pag-usapan sa lahat ng dako, ipakita sa mga pelikula at talakayin sa mga lathalain.


Lumang kasaysayan na ang paksang tin-edyer. At kaya lamang labis na napabantog ngayon ay dahil nga sa labis na pagtalakay sa kanilang mga ikinikilos... dahil sa pagpapalagay na rin ng marami na ang kanilang mga karahasan ay dapat asahan (sa kabila ng pasubaling ang gayon ay dapat sugpuin).

At ang kabataan, habang napapansing ang paningin ng madla ay nakatuon sa kanila, ay lalo namang nagsisikap magpakita ng gilas sa paglalasing, pambubugbog, pangingikil, pagpatay.

Sa hangad ng mga may-kapangyarihan na masugpo nang puspusan ang mga tin-edyer, nagtakda sila ng oras sa dapat na ilagi ng mga kabataan sa lansangan (curfew), nag-uutos ng *shoot-to-kill*, kung makipag-iringan nang harapan.

Habang nagpapatuloy ang ganyang mga bagay ay hindi titigil ang mga tin-edyer. Tulad ng sino mang nilikha, kapag sila'y sinalungat ay lalo silang lalaban. At walang mangyayari sa mga pagpupulong, pagpapatibay ng mga ordenansa, pagbabawal sa ginagawa nila.

Noong mga nakaraang panahon maraming mapupusok na tin-edyer, nguni't hindi lubhang mapanganib. Ang panahong yao'y maaaring mabalik, kung hindi gaanong papansinin ang mga tin-edyer. Sila rin ang magsasawa sa kanilang kapusukan. * * *




**Panahon pa ng yumaong Presidente Elpidio Quirino ay hinarap na ng mga pinuno ng pamahalaan ang lumubhang suliranin sa ating mga kabataan, nguni't hanggang ngayon ay hindi malutas-lutas. Kung ano ang tunay na dahilan ay siyang kailangang hanapin ng mga kinauukulan.**

**Makikita sa ibaba ang walong miyembro ng dalawang pangkat ng mga tin-edyer, tatlo buhat sa Intramuros at lima buhat sa Pandakan, na nagsagupa sa may monumento ni Rizal sa Luneta isang araw noong nakaraang taon. Kasama nila sa larawan ang tatlo sa mga pulis na nagsidakip sa kanila. Kung ang malimit na "pagpapasikataan" ng mga "gang" ng mga tin-edyer ay di gaanong pansinin at mahalagahin ng mga mamamayan, hindi kaya sila na ang kusang magsitigil sa kanilang mga inaasal?**



# mga pagkain natin



## "Meat Loaf"

**Buhat sa Star Recipes ng Caltex (Phil.) Inc.**

**Mga sangkap:**

2 tasang giniling na baboy
2 tasang giniling na baka
2 itlog (batihin)
1 tasang "tomato sauce"
1 kutsaritang asin
2 pimiento o pulang sile
parsli
½ tasang hamon
1 tasang binayong tinapay
¼ tasang pasas
4 na kutsarang mantikilya
1 nilagang itlog ng manok

**Paraan ng pagluluto:**

Paghalu-haluin sa isang mangkok ang baka, baboy, hamon, tinapay, pasas, "tomato sauce" at ang binating itlog.

Timplahan ng asin at paminta. Pagkatapos ay isalin sa isang hugis pahabang sisidlang naipapasok sa pugon.

Lutuin sa hurnong may 400°F ang init. Pagkaluto, isalin sa pinggang malapad saka gayakan ng hiniwa-hiwang sile at nilagang itlog. Paligiran din ng ilang dahon ng parsli ang pinggan nang makatawag na lalo ng pansin.

## *Mga Payong Pantahanan*

- Balutin ng damit ang mga lumang plaka ng sasakyan at mainam itong gamitin bilang panangga sa mga aklat o ang tinatawag na **book end.**
- Naito ang napakadaling paraan ng pag-aalis ng tinta o pinta sa supot ng arina: kuskusin ng maraming mantika ang mga titik, ibabad sa mainit na tubig at patagalin dito nang mga ilang araw. Pagkatapos ay pakuluang may kasamang sabon. Ulitin ang ganitong mga hakbang hanggang sa maalis na lahat ang mga tatak sa supot.
- Upang lumaki-laki nang bahagya ang tapon, pakuluan sa kaunting tubig nang ilang sandali.
- Huwag kailan man magbababad ng maruming damit sa mainit na tubig sapagka't ang gayo'y madaling nakapagpapahina o nakapagpaparupok ng damit.
- Ang matagal na pagkaratay sa banig ay nagbubunga sa panlulugon ng buhok ng isang tao. Upang makatulong sa pagsugpo niyon, sipilyuhing madalas ang ulo nang matanggal ang ano mang sagabal na nasa anit.

## Ginisang Pinya ni Cita Mariano

4 na tasang kinudradong pinya
1 tasang pinakulong tubig o
1 tasang pinaglagaan ng manok
1 kutsarang mantika
½ tasang hiniwang baboy, baka o manok
1 maliit na sibuyas

**Paraan ng paghahanda:**

Talupang mabuti ang pinya saka kudra-kudraduhin. Hugasan ang karne at hiwa-hiwain. Ilagay ang mantika sa kawali, igisa ang sibuyas nang mga 2 minuto. Isama ang pinya, karne, at ang tubig saka budburan ng asin at paminta. Takpan at pakuluan nang mga sampung minuto pa. Halu-haluin paminsan-minsan, saka hanguin.

## TAHANAN NG KAGANDAHANG-LOOB

*ni Maria Jale Martinez*

### MABUTING ASAL SA HANDAAN

Ang batang hindi pa natuturuan ng wastong asal na dapat ipakita sa mga handaan ay maaaring maging mahiyain sa mga ganitong uri ng pagtitipon. Ilang mga bata ang nagsasabi pang "nasusuya" silang dumalo sa mga salusalo sapagka't laging iniintindi ng kanilang mga ina na baka marumhan ang bago nilang baro o natatakot na baka makabasag sila ng baso.

Sa kabilang dako, may ilang batang wala nang ginawa sa handaan kundi ang sumigaw at tumakbo, hipuin ang mga plorera o magdikit ng pepsin sa mga silya. Kaya, bago dumalo ang mga anak sa isang handaan o bago siya magbigay ng handaan, ipaalaala ang mga nararapat niyang gawin. Kung magpamalas siya ng masamang ugali, ito'y maituturing na kasalanan ng mga magulang.

Naito ang mga tuntuning itinala ng isang dalubhasa sa pagbibigay ng handaan:

**Mga tuntunin para sa batang panauhin**

1. Dumating sa takdang oras ng paghahanda. Maging maayos ang bihis at malinis ang mga kuko.
2. Makipaglaro sa ibang mga panauhin.
3. Huwag sasama ang loob kung matalo sa laro.
4. Huwag gawin ang hindi mo gagawin sa iyong tahanan.
5. Magpaalam at magpasalamat sa mga magulang ng nag-anyaya at sa nag-anyaya sa iyo.
6. Kung tumanggap ng mga regalo ang nag-anyaya sa iyo, tandaang ang mga regalo ay para sa kanya. Pag-ingatan ang mga iyon.

**MGA TUNTUNIN PARA SA MGA BATANG NAGBIBIGAY NG HANDAAN:**

1. Tanggapin ang mga panauhin sa may pintuan.

(Sundan sa pahina 12)



# PUTING PANG-ITAAS


Pawang manipis na puting tela ang ginamit sa apat na naggagandahang blusang nakalarawan sa pitak na ito. Ang mga ito'y maaaring gamitin ninyong huwaran para sa mga kasuotang panggraduwasyon ng inyong mga anak.















# PRINTED

ITAAS, KALIWA: Isang telang may malalaki at maliliit na bilug-bilog, may kuwelyo at manggas. Maisusuot sa iba't ibang pagkakataon ang ganitong kayarian.

ITAAS, KANAN: Kulay na puti at pula ang ginamit na kombinasyon sa pang-itaas upang maging kakulay ng mga patak ng damit.

GITNA: Napakasimple lamang ng pagkakatabas ng guhitang kasuotang ito. Pansinin ang *piping* sa gilid ng manggas at bias ng pang-itaas.





# *Disenyong Pamburda*



Mga simpleng titik na pamburda sa mga kagamitan ng mga mag-asawa ang nasa gawing kaliwa ng pitak na ito. Ang mga disenyong ito'y pawang madaling gawin bukod sa naiiba naman sa karaniwan. Sa susunod na linggo ay maglalabas din sa pitak na ito ng mga titik na *MR.* at *MRS.*

## TAHANAN NG . . .

2. Magpasalamat agad sa panauhing naghandog sa iyo ng regalo, nguni't itabi ang regalo hanggang sa ang lahat ng mga panauhin ay nakarating na. Pagkaraa'y maaari nang buksan ang mga iyon at pasalamatang muli ang mga nagbigay.
3. Bayaang kasiyahan ang iyong mga panauhin bago ang sarili mo.
4. Huwag tatanggap ng mga premyo kung manalo ka sa laro.
5. Doon ka sa may pintuan kung magpapaalam na ang mga panauhin.

**Mga tuntunin para sa mga magulang:**

1. Parangalan ang inyong mga anak sa pamamagitan ng pagsusuot ng nararapat na kasuotan.
2. Pahayaang tanggapin niya ang kanyang mga panauhin sa may pintuan.
3. Huwag babatiin ang kanyang mga kamalian sa pag-uugali. Hintaying makauwi ang mga panauhin.
4. Sa paano't paano man ay huwag pababayaan ang mga batang nag-iisa sa tahanan, at kahit na hindi mo sila kasama sa bawa't sandali, tiyaking may isang matandang na babantay sa kanila.
5. Kung may karamdaman ang isang inanyayahan at hindi nakadalo, magpadala sa kanya ng isang hiwa ng **birthday cake.**



# bawa't buhay...

*ni Vito C. Santos*

"Siya'y isang batang dapat sana'y pumapasok na ng paaralan, nguni't lagi siyang nasa labas ng kalsada at naglalarong mag-isa."

HINDI KO alam ang ngalan ng batang babaing iyon. Ni ang ngalan ng kanyang mga magulang. Nguni't araw-araw ay nakikita ko siyang naglalaro sa kalsadang katapat ng bahay na aming inuupahan. Nakikita ko siyang nakikipaglaro sa ibang mga batang kanyang kasinggulang. Nakikita ko siyang nakikipaghabulan, nakikipagtuksuhan, nakikipaglaro ng luksong-tinik, ng tubigan, ng taguan, piko, tatsing at ng iba pang larong kinahuhumalingan ng mga batang tulad niya. Siya'y isang batang dapat sana'y pumapasok na ng paaralan, nguni't sa di ko nga malamang dahilan ay lagi siyang naroon araw-araw, laging nasa labas. At kung siya'y walang makalaro, pagka't pumapasok ang ibang mga bata, ay naglalaro siyang mag-isa sa lilim ng malaking punong santol na nasa tabi ng bahay na kanyang tinitirahan.

Minsan ko lamang nakita nang malapitan ang batang iyon, nang lumapit siya sa tapat ng aming bintana sa pamumulot ng mga bibingang gagawing pamato sa piko. Noon ko namasdan na siya pala ay maganda, sa kabila ng marungis niyang kasuotan at kawalan ng ano mang sapin sa mga paang dahil sa dumi'y kakulay na rin ng lupang kanyang tinatapakan. Mahawas ang kanyang mukhang mistisahin, nguni't siya'y payat, di katulad ng mga batang kanyang kalaro na pawang may malulusog na katawan. Maputla ang kanyang kulay at hindi man lamang nag-aayos ng katawan. Marumi ang kanyang damit at maging ang kanyang buhok ay malimit na di man lamang nasusuklay, kaya sa kanyang paglalaro'y yumuyungyong iyon sa kanyang mukha na madalas tuloy hawiin ng kamay upang makita ang ginagawa.

Aywan ko kung bakit ang batang iyon ang aking napag-uukulan ng pansin sa araw-araw. Marahil, dahil sa kapalarang ako'y matali ng bahay sanhi ng aking pagkakasakit na ang nagiging tanging aliwan ay manungaw sa bintana at manood na lamang ng mga taong nagsisipagdaan at ng mga batang nangagsisipaglaro nang maghapunan. O, marahil naman kaya, ay dahil sa anyo ng batang iyon, na kagaya ko ring waring doon itinalaga ng kapalaran upang makita siya sa buong maghapon, araw-araw. Bakit kaya?, malimit kong itanong sa sarili. Aywan ko, ako na rin ang sumasagot.

Ang batang iyon ay masaya sa kabila ng kanyang kalagayang mukhang kaawa-awa. Ang palagay ko tuloy ay isa siyang ulilang lubos na wala nang tumitingin sa kanya, kaya napapabayaan. Ang ganyan ay mga pala-palagay ko lamang naman, sapagka't wala naman kong napapagtanungan ng tungkol sa kanya.

Minsan o makalawa, natatandaan ko, ay nakita ko ang batang iyon na kasabay ng isang babaing alangan niyang maging ina, na tumungo sa tindahan ng intsik. Ang babaing iyon ay maganda, mabikas ang pananamit at sa pagkatanaw ko'y ang gulang niya'y nasa katanghalian pa. Nang bumalik ang bata mula sa tindahan, ay may dalang pandesal na kanyang kinakain habang lumalakad, samantalang nakita ko namang sumakay sa taksi ang nasabing babae.

Naging kaaliwan ko na ang panoorin sa paglalaro ang batang iyon. Panonood na bagaman nagdudulot ng kaaliwan sa akin, dahil sa nakikita ko sa kanyang masayang pakikipaglaro na waring hindi alumana ang kaawa-awa niyang kalagayan, ay naroroon din naman at nakakarama ako ng kakaibang damdamin: ang pagkaawa sa isang nilikhang katulad ko rin na waring pinagkaitan ng karapatang mabuhay nang maligaya.

Ang batang iyon, gaya ng ibang bata, ay may karapatang matuto at maging karapat-dapat na mamamayan. Nguni't sa nangyayari sa kanya ngayon, ano kaya ang kanyang magiging hinaharap? Kaawa-awang nilikha!

Ang babaing minsan o makalawa ay nakita kong kasabay ng bata sa pagtungo sa tindahan ng intsik ay hindi ko na rin nakita mula noon. Nguni't ang kanyang ayos ay hindi ko malimut-limot. Ang kanyang marangyang pananamit. Ang kanyang kilos at buhay na waring nakaririwa sa, sapagka't kahit ako malayo ay nakikita kong kumikinang sa tama ng sikat ng araw ang mga alahas sa kanyang katawan.

Sa aking pag-iisa, lalo't ako'y nakahiga na at namamahinga, ay malimit kong iugnay sa bata ang babaing iyon. Nguni, gaya nang una kong makita, ay hindi ako makapaniwalang ang bata ay kanyang anak. Walang inang makatitiis na makita sa gayong kalagayan ang kanyng tunay na anak.

Ang kapalaran ng batang iyon sa loob ng mag-aanim na buwang pagkapanirahan namin sa mataong dakong iyon ng Tundo, ay hindi ko minsan man naipalagay na wala nang karapatang mabuhay na tulad ng iba. Kung siya'y isang ulila, bakit kaya wala man lamang kahit isang magkakaroon ng habag o magmalasakit na kumalinga sa kanya upang magkaroon ng pagkakataong maging karapat-dapat na bahagi ng lipunang sa malao't madali ay kanyang kabibilangan? Bakit nga? Bakit? Iyan ang malimit kong itanong sa aking sarili.

At isang araw ay napuna kong wala ang bata. Sa pagdungaw ko ng bintana pagkagising ko nang umagang iyon, ay napansin ko agad na siya'y wala. Dati-rati, pagbubukas ko na ng bintana ay nakikita ko na siya roon, kundi nakaupo sa bangketa ay nagpipikong mag-isa. Nguni, nang umaga ngang iyon ay wala siya. Saan kaya siya pumaroon? Baka kaya lumipat na siva ng tirahan? O baka kaya may naawa na sa kanya at siya'y inampon? Salamat, wika ko, kung magkakagayon, sapagka't mahahango na siya sa kaawa-awang kalagayan. May titingin na sa kanya ngayon. Hindi na siya sa kalye magha-maghapong makikita at hindi siya mamamalaging marungis.

Nguni't pagkaraan ng isang linggo, sa aking pagtataka at malaking pagkahabag, ay nalaman kong kaya pala wala ang bata, ay sapagka't nagkasakit at matagal na na-ospital. At nang muli ko siyang makitang naglalaro ay lalo siyang naging buto't balat. Lalo siyang naging maputla at higit na naging marungis ang kanyang katawan at pananamit.

May isang buwan pa ang tumagal. Gayon din siya araw-araw. Magha-maghapong nasa kalye sa paglalaro. Isang kaawa-awang batang walang tumitingin at nagmamalasakit.


Nguni't hindi naglipat-linggo, ang lahat ng pangyayari sa bata ay nagwakas na bigla sa kanyang pagkamatay.

Ang bata'y umakyat sa puno ng santol upang mamitas ng bunga. Sa kasamaang palad ay nabali ang sangang kanyang kinakapitan at siya'y nahulog na una ang ulo. Sa pagkakagulo ng maraming taong nagsidalo, ay may isang taksing nagkataong tumigil at bumaba ang isang mabikas na babae. Ang babaing iyon ang nakita kong minsan o makalawang nagbigay ng tinapay sa bata.

Lumapit ang babae sa nagkakagulong mga tao at nang makita ang batang wala nang malay-tao ay biglang humagulhol ng panangis, agad pinangko ang bata't mabilis na isinakay sa taksi.

Noon ko lamang nalaman sa usapan ng mga tao, na ang batang iyon ay anak nga pala ng babaing nagbigay sa kanya ng tinapay. Ang bata'y anak sa pagkakasala at ang kanyang ina'y isang mananayaw sa isang panggabing klub sa Maynila.

* * *



Ang kasalukuyang pagtuligsa ng Pangalawang Pangulong Macapagal hinggil sa palatuntunan ng pangasiwaan ukol sa pagtitipid ay kaugnay ng kanyang pangako na pababababain ang halaga ng bilihin.

## Diosdado Macapagal: Sugo ng Mahihirap

# *Mga Unang Pagsubok*

**Sa mga unang taon sa kanyang buhay ay naranasan ni Dadong ang pumasok nang nakayapak, mangisda nang nag-iisa at matulog nang hindi kumakain.**

***Sinulat ni Mario M. Nieves***

**BAKAS NG NAKARAAN**

**Ang mag-asawang Romana Pangan at Urbano Macapagal ay naninirahan sa isang bahay na pawid sa baryong malapit sa kabayanan ng Lubao, Pampangga. Bukod sa paminsan-minsang pagpapalathala ng mga tula at pag-akda ng mga dramang ipinalalabas sa mga sarsuwela, wala nang ibang pinapasukang gawain si Urbano. Sa gayo'y ang kanyang inang si Aling Escolastica ang gumanap ng kanyang tungkuling paghahanapbuhay. Pinipilit namang ipagwalang-bahala ni Romana ang pagiging halaghag ni Urbano sapagka't noo'y nakatakda siyang magsilang ng ikalawang sanggol. At isang araw na wala si Urbano, noong Septiyembre 28, 1910, isinilang ni Romana ang sanggol at iyo'y pinangalanan nilang "Diosdado," bilang pagtuturing na iyon ay kaloob ng Diyos.**

**(KARUGTONG)**

MAAGANG NAMULAT ang batang si Dadong sa kahalagahan ng pagtulong sa mga gawaing-bahay. Habang masikhay na naglalabada ang kanyang ina at paalis-alis naman ang kanyang lola upang manghilot at magturo ng katesismo sa simbahan sa kabayanan, siya nama'y nagsasaing o namumulot ng mga panggatong.

Dalawa o tatlong ulit lamang itinuro kay Dadong ang wastong pagtutubig ng sinaing. Sa karaniwang dami ng bigas na isinasaing niya, ang taas ng tubig ay dapat umabot sa ikalawang buko ng kanyang hinlalaki. Iyo'y para sa kulang-kulang-sa-punong lata ng salmon. Nguni't kadalasan, kusang dinaragdagan niya ang itinutubig sa sinaing. Yaon ay kung marinig niya ang utos ng kanyang ina: —Hindi tayo magkakanin ngayon... nilugaw ang isaing mo!

Kanin lamang ang alam lutuin ni Dadong, nguni't siya ang inuutusang magparikit kapag nagluluto na ng ulam ang kanyang ina. Bago pa dumatal ang oras ng pagluluto ay namumulot na siya ng mga nagkalat na papel sa bakuran at mga tuyong dahon ng saging.

Kapag madali siyang nakapagtitipon ng pamparikit, tutulong naman siya sa ina sa pagsasampay ng pinatitigas na mga panwelo.

Hindi lamang kay Romana siya tumutulong. Bagama't maliit pa, pinipilit niyang tuwangan ang nakatatandang kapatid sa pag-igib.

—Kuya Israel... —isisigaw niya kapag nakitang papaalis na ang kapatid, —iwan mo na 'yang isang balde. Isa na lamang ang punuin natin at tutulungan kita sa pagbuhat.

Kalimita'y nag-iisa lamang umiigib si Isarel. Iyon ang kanyang tungkulin. At kung umaalis siyang mag-isa, nagdadala siya ng pingga at dalawang balde na kalahati lamang ang kanyang inilalaman. Ang gayo'y kinasanayan na niya, pati ang paglakad sa 200 metrong layo ng igiban. Subali, ang pagtulong ni Dadong ay hindi niya tinatanggihan. Kahit paano'y naiisip niyang dapat maihanda ang kapatid sa higit pang mabibigat na gawain.

SA GULANG na pitong taon, nag-aaral na si Dadong sa Lubao Elementary School. Di tulad ng mga batang kailangan pang ihatid sa paaralan ng kanilang mga magulang, nag-iisa lamang sa pagpasok si Dadong. Bitbit ang ilang kuwadernong iniingatang maluma, nilalakad niya ang may kalahating kilometrong baku-bakong daan.

Napapangiwi lamang siya nang lihim kapag napapayapak siya o natitisod sa nangakausling bato. Hindi na niya iniinda ang nakapangingirot na init ng araw na pumapaso sa kanyang mga paa.

Nagiging kapuna-puna ang kasuotan ni Dadong kapag napapatabi siya sa ilang kaklaseng may-kaya. Ibig-ibig niyang lumayo kapag napapalapit siya sa mga nakakamisadentro at nakasapatos. Alangang itabi ang sulsihan niyang kamiseta at salawal na korto. Lalong wala siyang maipakikitang suot na sapatos.

Nguni't hindi sapat ang mga iyon upang siya'y layuan ng kanyang mga kaklase. Lahat ay nakakakilala sa kanya. Siya ang tinatabihan... siya ang laging pinagsasanggunian, gayong siya ang pinakamaliit.

—Dadong, pupunta ako sa inyo, ha? —karaniwang bilin ng mga kamag-aaral niya kapag papauwi na sila. Hindi naman siya tatanggi.

—Sige, basta dalhin mo lamang ang mga libro mo.

Nakapag-aaral lamang siya nang may aklat kung may nagpapahiram sa kanya. Bagama't hindi kataasan ang upa sa mga librong ipinahihiram ng paaralan, hindi na siya umuupa. Kung naaari na siyang malagay sa honor roll nang walang aklat ay bakit pa nga siya uupa?

Guro niya ang nagpapatunay na siya ang pangunahin sa kanilang klase. Hindi siya tinatawag niyon kungdi sa panghuli na. Dahil doo'y naniwala ang mga kamag-aaral niya na si Dadong ang kanilang pang-reserba.

Kung nagkakaroon ng paligsahan sa loob ng klase, siya lamang ang inaasahang magtatagumpay.

—Tatanungin ko kayo at isa-isang magsisisagot, —pasimula ng guro, matapos patayuin ang mga piling mag-aaral. —Bawa't hindi makasagot ay mauupo. At ang matirang nakatayo ay siyang panalo.

Parang hinihipang nabubuwal nang isa isa ang nangakatayong nagpapaligsahan. Sa wakas ay dalawa na lamang ang matitira... si Jesus at si Dadong.

Sa katanungan ng guro, na nangangailangan ng matandang pagkukuro sa mga batang isip, ay huling naririnig ang pagpapaliwanag ni Dadong gaya ng ukol sa isang sawikaing alam na alam niya:

—Ang ibig pong sabihin ng sawikaing "tanglawan mo ang sulok na kinaroroonan mo" ay ang pagpapabuti sa bawa't bagay na ginagawa... maliit o malaki. Sa pagsasakatuparan niyan ay malaking tulong ang nagagawa ng isang tao sa kanyang sarili.

# BABALIK...

*nina Ben Arguelles at Luciano A. Dominguez*

**Nang makilala ni Luisito ang isang bantog na artista, inakala niyang naging maaliwalas na ang kanyang landas, subali't...**

**BAKAS NG NAKARAAN**

**Ginabi ng uwi si Luisito pagka't nanood siya sa Sine Savoy. Nasa pag-aartista ang kanyang hilig. Nang usigin siya ni Don Miguel ay nagsinungaling siya nguni't nasabi na pala ni Mely, kapitbahay nila, na hindi siya pumasok. Nasuya si Luisito kay Mely. Nang makakain ay nagsarilinan ng pag-uusap sina Don Miguel at Luisito. Iginiit ng don sa anak ang pag-aaral ng komersiyo. Iginiit naman ni Luisito ang pag-aartista. Natapos ang kanilang usapan sa banta ng don na hindi na niya gus'ong manood pa ng bodabil si Luisito. Nakatulog na may malalim na iniisip si Luisito.**

**(Ika-2 Labas)**

TINANGHALI ng gising si Luisito. Nag-ayos muna siya ng sarili bago lumabas sa silid. Dinatnan niyang nag-aalmusal na ang magulang.

—Nakita mo na ang nangyari kung nagpupuyat ka, —sumbat ni Don Miguel sa anak. —Tinatanghali ka ng gising.

—Miguel, hindi na ba natapos ang sermong iyan, —saway ni Donya Carmen sa asawa. —Sige na, Luisito, dumulog ka na.

Umupo si Luisito at nagsimulang kumain. Hindi siya makatingin nang tuwid sa kanyang ama.

—Hu, ako'y talagang suklam diyan sa anak mong iyan. Napakatigas ng ulo.

—Siya, matigas na kung matigas, —pakli ni Donya Carmen. —Akala ko ba'y nagkayari na kayo kagabi pa.

—Ano bang nagkayari? —Sa pagitan ng pagsubo ay nasabi ni Don Miguel. —Hindi kami magkakayari niyang anak mong iyan kailanman. Iyan ang laging nagbibigay ng sakit ng ulo sa akin. Pati negosyo ko tuloy ay nagkakaloko-loko. Mabuti pa kaya'y makaalis na, —at hindi pa man tapos sa pagkain ay tumayo si Don Miguel upang pumasok na sa kanyang upisina.

Tungung-tungo naman ang uli ni Luisito habang kumakain.

—Luisito, pasensiya ka na sa Papa mo, —aliw ni Donya Carmen sa anak. —Alam mo'y laging mainit ang ulo niya dala ng unti-unting pagbagsak ng ating negosyo.

—Nauunawaan ko siya, Mama, —tugon ni Luisito. —Napag-isip-isip kong may katwiran siya sa pangangaral sa akin.

—Ganoon nga, Luisito! Susunod ka namang paminsan-minsan sa kanya sapagka't batid ko ring ang kabutihan mo ang hinahangad ng iyong Papa.

Nang hapong iyo'y maagang pumasok si Luisito sa kanilang unibersidad. Tuwang-tuwa ang kanyang mga kaibigan nang siya'y makita.

—Oy, Luisito, may **warning** ka na kay **Mr. Lopez**, —wika ni Serafin. —Isang palya mo na lamang daw at **kalabasa** ka na.

—Siyanga, Luisito, —pakikisabad ni Dencio. —Mabuti pa'y umisip ka ng mabuting dahilan kapag kumuha ka ng **excuse slip.**

—Ow, **forget it, boys,** —nakatawang paki ni Luisito. —Kaya ko ang propesor nating iyon. Kaunting pabola-bola lang e tapos na ang kasong iyan. Ang pakinggan ninyo'y ang ikukuwento ko sa inyong bodabil na napanood ko kagabi.

—Iyan ang gusto ko rito kay Luisito, —nagagalak na turing ni Fred, —basta't nagpalya, may magandang kuwentong nakalaan para sa atin.

Nagsimula nang magkuwento si Luisito sa mga kaibigan. Tawanan naman nang tawanan ang mga kaharap habang siya'y nagsasalaysay. Dumami nang dumami ang nakikinig sa kanya habang dumaraan ang oras, at namangha pa si Luisito nang pagkatapos niyang magkuwento ay matunog na palakpakan ang isinukli sa kanya ng nakapaligid na mga kamag-aaral.

—Luisito, magaling kang aarte, —wika ni Maximo, isa pa rin niyang kamag-aaral, —bakit hindi ka mag-artista?

—Alam mo'y talagang may hilig akong umarte at sumayaw, pero ang hirap lamang e ang arte at sayaw naman ang walang hilig sa akin, —nakatawang tugon ni Luisito na tinugon ng halakhakan ng lahat.

Kaya lamang nagkahiwa-hiwalay ang magkakamag-aaral ay nang ihudyat na magsisimula na ang klase. Nagtuloy na sila sa kani-kanilang silid-aralan.

Nang pauwi na si Luisito, nakita niya ang kapitbahay nilang si Mely na nag-aabang ng sasakyan. Walang kangiti-ngiting lumapit siya rito.

—Uy, Luisito, ikaw pala, —nakangiting bati ni Mely nang makita ang lumalapit. —Pauwi ka na rin ba?

—Oo, —matabang ang pagkakasagot ni Luisito. —Ano ba ang isinusuhol sa iyo ng Papa at lagi ka na lamang nagsusumbong sa kanya kung lumiliban ako sa klase?

—Wala! —Biglang nangunot ang noo ni Mely. Nahalata niyang galit ang binatang kapitbahay.

—Wala pala, e! Bakit ba nakikialam ka sa buhay ng may buhay. Hindi iyang sarili mo ang iyong pakialaman. Ito ang tandaan mo, kapag nagsumbong ka uli sa Papa'y may mangyayari sa iyo, —banta ni Luisito at tuluy-tuloy nang iniwan ang nababagabag kababata.

—Luisito, sandali lamang! —tawag ni Mely, nguni't si Luisito'y malayo na.

Ilang araw na hindi nagawi si Luisito sa dulaang Savoy. Nguni't hindi siya mapakali sa loob ng kanilang klase. Para siyang sinisigaang kung papaano. Parang may isang mahiwagang kamay na humihila sa kanya upang muling magtungo sa nasabing dulaan.

Isang gabi'y naglakad-lakad siya. Binuo niya sa kanyang sarili na daraan lamang siya sa tapat ng sinehan. Gayon nga ang ginawa niya. Matagal siyang tumatayu-tayo sa tapat ng dulaan, at pakiramdam niya'y maligaya na siya. Umuwi siyang nasisiyahan.

Tuwing lalabas siya sa pinapasukang unibersidad ay dumadaan lamang siya sa tapat ng dulaan. Para bang naliligayahan na siya kung dumaraan lamang siya roon. Maaga na kung umuwi siya. At inaabot siya ng hatinggabi sa pag-aaral.

—Palagay ko'y tumalab na ang mga pangaral ko kay Luisito, Carmen, —isang gabi'y nasabi ni Don Miguel sa asawa. —Panay na panay ang pagbabasa ngayon.

—Iyan din ang palagay ko!

—Salamat nama't natuto rin siya sa kanyang buhay.

Nguni't lingid sa kaalaman ng mga magulang, ang binabasa ni Luisito ay hindi naman mga aklat niya sa pamantasan kundi mga aklat tungkol sa pag-arte sa ibabaw ng tanghalan. Basta't may pera rin lamang siya ay bumibili siya ng mga aklat sa sining ng pag-arte at mataman iyong binabasa sa kanyang silid. Pinag-aaralan niyang pilit ang mga nilalaman.

Isang araw, nagpapalamig si Luisito sa restawrang malapit sa sinehang Savoy nang pumasok doon si Johnny Cruz.

—Hu, napakainit ng panahon, —nagpapaypay na wika ni Johnny. —Clara, —baling sa isang tindera, —bigyan mo nga ako ng isang basong halu-halo.

Nagpalinga-linga si Johnny. Puno ang bawa't mesa sa loob ng munting restawran. Bawa't kakilala naman niya'y binabati niya. Sa mesa lamang

**(Sundan sa pahina 18)**





# PAMBANSANG SULIRANIN SA KABUHAYAN

**Dahil sa kawalan ng hanap-buhay ng maraming mamamayan, ang ano mang gawaing mapagkakakitaan ng salapi o ang ano mang tulong na ipinamumudmod ng pamahalaan sa mga taong-bayan ay halos pag-agawan ng marami...**

**"Ang kabuhayan ng bansa ay maaaring mamalaging walang katatagan o sariling kakanyahan"**

***ni Basilio Cabigting***

(KARUGTONG)

**MAALAB NA PAGHINGI NG PAGBABAGO**

INILAHAD ng lathalang ito sa nakaraang dalawang labas ang iba't ibang kapinsalaang naidudulot sa bayan ng mga panaklaw na tulad ng "price control" at "exchange control" na siyang naghatid ng "inflation" sa salaping Pilipino na nagpababa naman sa halaga nito at sa kabuuan ay siyang pinakaugat ng iba't ibang suliraning pangkabuhayang nananalot ngayon sa ating bansa.

Dahil dito ay maliwanag ngayong mapapansin na ang pananatili ng mga suliraning iyan na maihahambing sa isang malupit na dambuhalang namumuksa sa kalagayan ng bawa't Pilipino ay nararapat nang sugpuin at huwag bayaang makapagpatuloy. Sapagka't kung makapagpapatuloy sa pananalot ang mga suliraning ito, malamang na lumaganap ang kawalang kasiyahan ng mga mamamayan sa gitna ng paghihikahos bunga ng mataas na halaga ng mga bilihin, kawalang hanapbuhay, kasalatan sa produksiyon at ang paminsala ng iba't ibang kontrol.

Ang pangangailangan ng isang pagbabago at puspusang pagsugpo sa mga suliraning iyan ay mapilit nang hinihingi ng pagkakataon sa kasalukuyan. Nararapat na ngayong magbago ng paniniwala at alintuntunin ang mga pinuno ng Pamahalaan na may malaking pananagutan sa pangangalaga sa kabuhayan ng bansa upang mahango ang bayan sa malungkot na kalagayan.

Malawak pa ang mga lupain sa kapuluan na hanggang ngayon ay hindi naipaaayos ng Pamahalaan upang pakinabangan ng bayan. Marami ring industriya ang naghihintay ng pagmamahal at kalinga ng Pamahalaan upang kung mapaunlad ay makatulong sa pagpapasagana sa kabuhayan ng bawa't Pilipino. At may mga paraan pa ring nalalabi upang masagkaan ang patuloy na pagbaba ng halaga ng pisong Pilipino at masugpo ang pagtaas ng halaga ng mga bilihin, gayundin upang maputol na ang pagpapataw ng iba't ibang kontrol.

Pagsasaalang-alang sa mga mangangalakal at karaniwang mga mamamayang may mga adhikaing pangkabuhayan, masasabing ang Pamahalaan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng iba't ibang kontrol ang siyang sumasagka sa kanilang mga pagkakataong umunlad! Sapagka't ang Pamahalaan, sa pamamagitan ng mga batas, ang nag-uutos sa kanila sa ayaw o sa gusto kung anong produkto ang dapat nilang iluluwas at ipagbibili sa ibang bansa at kung ano naman ang hindi nila dapat iluwas; ang Pamahalaan ang nag-uutos kung anong kalakal ang dapat o hindi dapat angkatin at kung saan ito importahin at kung sa gaanong halaga bibilhin. Ang Pamahalaan ang nagsasabi kung anong industriya ang dapat o hindi dapat paunlarin.

Sa kabuuan ay naging makapangyarihan at malawak ang nasasaklaw ng mga kontrol na ito na siyang sumasagka sa ikauunlad ng kabuhayan ng Pilipinas.

Hanggang hindi natatapos ang kapangyarihan ng mga panaklaw na iyan, ang kabuhayan ng bansa ay mamamalaging walang katatagan at walang sariling kakayahan. Hanggang nananatili ang mababang halaga ng pisong Pilipino, ang halaga ng mga bilihin ay magpapatuloy sa pagtaas. Hanggang dumaragsa ang "money supply" ay lalong hindi uunlad ang mga gawaing pangkabuhayan sapagka't ang salapi ay mauuwi at matutulog lamang sa mga kamay ng ilang tao. Hanggang umiiral ang "inflation" ay mananatili ang kawalang hanapbuhay at kasalatan sa produksiyon at magpapatuloy ang malaki o lalo pang lalaki ang importasyon ng bansa.

Minsan ay binigyang-diin ni Kongresista Benedicto Padilla ng unang purok ng Rizal sa Mababang Kapulungan ng Kongreso ang nauukol sa isang mungkahing magkaroon ng "realistic rate of exchange" ng salaping Pilipino sa dolar ng Amerikano upang malunasan ang patuloy na pagbaba ng halaga ng ating piso. Nguni't ang naging hantungan ng kanyang mungkahi ay isang malinitang pagtatalo sa Mababang Kapulungan. Sa dahilang ang mungkahi kaya ni G. Padilla ay hindi makatotohanan o may mga sanhing nakababakod dito kaya hindi maisasagawa?

Datapuwa't nakalipas lamang ang ilang linggo sapul noon ay ibinunyag ni Gobernador Miguel Cuaderno ng Banko Sentral sa harap ng isang lupon ng Kongreso ang katotohanang mababa na nga ang halaga ng salaping Pilipino. At sapagka't ang Banko Sentral na ngayon ang nagpapatotoo ng bagay na ito, hindi kaya isang mabuting panukala kung isaalang-alang at pag-aaralang masusi ng mga kinauukulan ang mungkahi ni Kinatawang Padilla? Sapagka't kung hindi gagawa ng kahit na anong hakbang upang lunasan ang bagay na ito at pananatilihin na lamang ang dating kalagayan, ang bayan ay hindi lamang magugumon sa malubhang pagsasalat kundi laganap at iiral pa rin ang kawalang kasiyahan.

Ang ibig sabihin ng "realistic rate of exchange" na mungkahi ni Kinatawang Padilla ay ang makatotohanang pakikipagpalitan ng salaping Pilipino sa dolar ng Amerikano. Sa ibang salita, humigit-kumulang, ay ang pagpapalitang naaalinsunod sa tunay na halaga ng salapi at hindi sa takdang halaga ng Banko Sentral na hindi tumutugon sa talagang nangyayari sa malayang pamilihan o sa sinasabing "free market".

Alinsunod sa mabunying kinatawan ng unang purok ng Rizal, ang kanyang mungkahi ay isang paraan upang malutas ang suliranin sa mabuway na pananalapi ng bansa. Gayunman, ang mga ekonomista ng Pamahalaan ay malamang na may binabalak ding mga ibang paraan upang malutas ang bagay na ito. Sa bahaging iyan umiiral ang mga pagtatalu-talo at hindi pagkakasundu-sundo, na nagwawakas sa pangyayaring walang magagawa sapagka't nasasayang lamang ang magagandang panahon. Nguni't kung ang gagawin ay pag-aaralang mahinahon ang mga paraan sa ikalulutas ng mga suliraning iyan, marahil ay hindi magtatagal at makasusumpong ang Pamahalaan ng isang mabuti at mabisang hakbang laban sa maraming suliraning pangkabuhayan ng bansa sa kasalukuyan — mga suliraning masasabing hindi lubhang namiminsala ng malalaki kundi higit sa lahat ay ng maliliit na mamamayang ang pang-araw-araw na ikinabubuhay ay nagbubuhat lamang sa tulo ng kanilang pawis.

Hindi dapat na magbingi-bingihan ang Pamahalaan sa mga daing

(Sundan sa pahina 18)

## Babalik... (KARUGTONG)

na kinaroroonan ni Luisito maluwag-luwag.

—Doon mo na dalhin sa lamesang iyon ang **order** ko, Clara, —ani Johnny, at nagtungo sa mesa ni Luisito.

Pagkaupo ni Johnny ay kinuha sa bulsang panlikod ang isang balumbon ng papel na tila "script" at nagsimulang magbasa. Si Luisito nama'y nagkaroon ng paghahangad na makadaupang-palad ang kaharap. Kilala niya ang bidang iyon ng Savoy Theatre. Makailan pa muna siyang tumikhim bago nagsalita.

—Este, hindi ho ba kayo si Johnny Cruz? —lakas-loob na tanong ni Luisito.

—Ako nga, bakit? —tugon ni Johnny na nagtaas ng tingin at tinitigan si Luisito.

—A, wala ho, —kiming sagot ni Luisito, —alam ninyo'y isa ako sa inyong mga tagahanga. Gustung-gusto ko ang inyong pagganap.

—A, gayon ba? Salamat.

—Naniniwala ako na isa kayo sa pinakamagaling umarte dito sa Pilipinas, at maging sa ibang bansa ay hahangaan ang inyong pagganap.

Napatawa nang malakas si Johnny. Dumating ang **inorder** niya.

—Kumain ka, binata, —alok ni Johnny kay Luisito. —Este, ano ba ang pangalan mo? Alam mo'y gusto rin kita. Matapat ka kung magsalita.

—Hindi ho ako nagbibiro, **Mr.** Cruz, totoo ho ang pinagsasabi ko sa inyo.

Muli na namang napatawa si Johnny. —Hindi mo pa sinasabi sa akin ang pangalan mo. At saka, isa pa, huwag mo na akong pupupuin. Tumatanda ako kapag pinupupo, e.

—Ang pangalan ko ho'y... kuwan, Luisito Monteverde, —sabi ni Luisito. —**Mr.** Cruz... este... Johnny, marami akong gustong itanong sa

**(Sundan sa pahina 24)**

## Macapagal... (KARUGTONG)

gawa ang magnakaw.

Nakaunawa si Dr. Punzalan. Hindi makapagkakaila sa katotohanan ang matagal na nilang pagkakilala sa mga Macapagal... at ang matiyagang pamumulot ni Dadong ng palay sa kanilang bukirin tuwing matatapos ang gapasan.

Nakapagpapaunawa pa rin ang mahigpit na pagpapasunod ni Aling Escolastica sa kanyang mga apo. Bilang tagapagturo ng katesismo sa simbahan, unang dapat niyang hubugin sa wastong pananalig sina Dadong at Israel.

—Sa pamamagitan ng pananalig sa Lumikha, —ani Aling Escolastica, —lahat ay magiging magaan para sa atin. **Siya** ang pumapasan ng bahagi ng ating mga dinaranas.

Pagpapatibay sa pananalig na yaon, sama-sama kung mag-orasyon silang mag-anak. At, tuwing Miyerkules hanggang Biyernes Santo, nakikiisa sina Dadong sa pag**reretreat** sa simbahang pambayan ng Lubao. Kasama nina Israel at Dadong ang iba pang kabataan sa buong Lubao.

Pangalawang pinakaluma ng simbahang natatag sa Pilipinas (1521), ang simbahan ng Lubao ay pinagtitipunan ng maraming mahihirap sa Lubao at sa mga karatig-nayon.

Sa pagitan ng mga pagdarasal at pagninilay, sumasalit ang buong tinig ng **retreat master**, si Padre Casto de Ocampo:

**—Tayong mahihirap, huwag nating isipin na tayo'y pinababayaan. Higit tayong mapalad sapagka't minamahal tayo ng Maykapal. Kung hindi'y pinili na sana ng Panginoon na siya'y maging Hari sa halip na maging anak ng isang karpintero. Iya'y nagpapatunay na pinahahalagahan niya ang mga mahihirap....**

Ang pag**reretreat** ay tinatapos sa pamamagitan ng pangungumpisal, at pakikinabang. (Hanggang sa kasalukuyan ay isinasagawa ni G. Macapagal ang kaugaliang ito. At tuwing Biyernes Santo ay umuuwi siya sa Lubao at umiilaw sa prusisyon ng paglilibing.)

MAGING SA SULIRANIN sa pagkain ay naiaagapay ng mag-anak ang pananalig nila sa Lumikha. Sapat na ang isaisip, sa mga sandaling wala silang makain, na may ituturong paraan ang Maykapal.

Si Romana ang humahanap ng paraan.

—Matulog muna kayo, Dadong, Israel..., —himok ni Romana sa mga anak. Kukunin niya ang banig at ilalatag iyon sa isang sulok.

Noon ay oras ng pananghalian, nguni't walang naisaing si Romana.

—Inay, nagugutom na po kami, e. —May bahagyang pataggi sa paghiga si Dadong. —Kumain muna tayo.

—Oo, kakain na tayo. Mahiga muna kayo sandali, hane?

Ang "sandaling" iyo'y katumbas ng apat na oras.

Kulang-kulang sa apat na oras na nanghihiram ng bigas si Romana sa iba-ibang kapitbahay. Nahihirapan ding magpahiram ang mga iyon pagka't karamiha'y katulad din nila.

Nang hapong yao'y umuwi siyang may dala nang bigas — kalahating lata ng salmon. Kalahati ng bigas na iyo'y itinabi niya at ang kalahati'y inilugaw.

Saka lamang niya ginising sina Dadong at Israel... na nahimbing nang apat na oras... upang kumain ng nilugaw na uulaman ng asin.

Ang gayong paglunas sa pagkagutom ay kinasanayan na ng magkapatid. Nguni't sa maraming pagkakataon, iniiwasan nila ang gayong pangyayari sa pamamagitan ng pagpasyal sa iba't ibang kamag-anak sa mga baryong San Roque, San Pablo I, San Pablo II at Gutad, ang tirahan ng mga magulang ni Romana.

Sa pagkukunwaring "pamamasyal", nairaraos nila ang araw nang hindi kailangang mag-isip nang malalim kung paano sila makakalagpas sa oras ng hapunan habang kinalilimutang noo'y oras ng pananghalian.

ANG BAHAY ng mga Pangan sa Gutad ay walang pinag-iwan sa bahay nina Dadong... may kataasan nga lamang, nguni't higit na mabuway ang pagkakayari. Palibhasa'y malapit na sa kabundukan.

May labinlimang kilometrong layo buhat sa Lubao, ang masukal na daang patungo sa Gutad ay nilalakad lamang ni Dadong. Kung pinapalad naman siya, naaari siyang makiangkas sa isang may kariton.

Ang karaniwang punta niya roon ay kung walang klase o panahon ng pagbabakasyon. Isang kabawasan sa pasanin ng kanyang ina ang pagpunta niya roon.

Gayunman, bihira siyang pumunta roon nang mag-isa. Katulad din niyang umiiwas sa pagkagutom, ang kanilang buong mag-anak ay nagpupunta sa Gutad.

Sa pangyayaring yao'y nagiging malaki ang pananagutang tungkulin ni Dadong. Siya ang nagsusuga sa dalawang kalabaw ng kanyang Lolo Atanacio. Pagkatapos ay dinadala niya iyon sa isang lawa-lawaan upang paliguan. May mga pagkakataong halos malublob siya sa paliguan ng kalabaw... kapag may katarikan ang lugar na bababaan.

Bukod sa tungkuling iyon, malimit siyang gumawi sa baybayin ng Banquerua, ilug-ilugang karugtong ng Ilog Lubao.

Dala ang isang balde ng gaas, pinagsasabay niya ang paghuli ng mga alimasag, "damuko," at paros. Kung sinusuwerte siya'y nakapag-uuwi siya ng mahigit na kalahating balde ng paros at ilang alimasag, bagama't kadalasa'y umuuwi siyang nananakit ang mga daliri sa pagdukot sa buhanginan at pagkasipit ng mga alimasag.

Kung gabi — oras ng paglabas ng mga palakang-bukid — nagpapaligid-ligid siya sa kabukiran ng Gutad. Bawa't palakang mahuli niya'y makapapawi na ng gutom, kaya matiyaga siya sa pagmamasid sa mga lubak-lubak sa tabi ng mga halaman sa bukid.

Ang mga palaka, sa sandaling matabihan ng ilaw, ay hindi na kumikilos sa kinaroroonan niyon. Ganoon ang ginagawa ni Dadong. Isang ilawang kingke ang bitbit niya sa kanyang payukong paglalakad, sinisikap aninawin ang bawa't matapuan ng liwanag.

Sa gayon nang gayon ay nalilibang siya, at hindi na napupuna ang paglalim ng gabi. Kung minsan ay umuuwi siya nang hatinggabi.

Hindi siya kinagagalitan sa paguwing yaon. Mangyari'y may kabuluhan ang bawa't sandali nang gabing yaon na ilagi sa bukid, lalo't kung bagong ulan.

At kahit pa may bahagyang ulan, kapag inabot siya sa panghuhuling iyon, nagpapatuloy na si Dadong. Ang kanyang kaligtasa'y hindi niya gaanong inaalaala. Para sa kanya, iyo'y hindi kasinghalaga ng panlamang-tiyan na kailangan niyang maiuwi.

Iyon din ang kanyang hangarin kung siya'y nangingisda.

Isang araw, pagkagaling naman niya sa pamamangka sa Banquerua, ay kusa niyang idinako ang kanyang bangka sa kanugnog na Ilog Lubao. Malakas ang agos noon. Sa minsang pagsagwan niya ay tumaob ang bangka at napasuot sa isang malaking butas sa gilid ng ilog.

Nahulog na lahat ang mga nahuli niyang palos. Ibig-ibig niyang sumisid at hagilapin ang mga isdang iyon, nguni't higit na mahalaga ang malahon niyang muli ang bangka. Hiniram lamang niya iyon kina Abelardo Vitug. Sa ano mang paraan ay dapat niyang isauli.

Kaya, sinisid na niya ang ilalim ng bangka at pilit na itinutulak na paitaas. Isang sisid, isang litaw, isang sisid uli.

Subali't hindi niya maialis ang bangka sa pagkakasuot sa butas. Nadadaig ang kanyang lakas ng bigat ng bangka na pinagagalaw-galaw ng malakas na agos.

Sa huli'y nanghina siya at naramdamang ibig siyang tangayin ng agos ng tubig....

(ITUTULOY)

## PAMBANSANG SULIRANIN SA KABUHAYAN (KARUGTONG)

ng bayan. Habang may panahon pa ay nararapat samantalahin ng mga kinauukulang pinuno ang paghanap ng mga lunas sa ikasusugpo ng mga suliraning iyan.

Hindi sapat na sa tuwi-tuwina'y mga pagtatalo at hindi pagkakasundu-sundo ang naririnig na lamang sa mga pinuno ng Pamahalaan. Ang dapat na gawin nila ngayon, lalo na ng mga may kinalaman at pananagutan sa kabuhayan ng bansa, ay ang lunasan ang mga suliraning nagpapahirap sa bayan. Hindi hinahanap ng bayan na ang mga suliraning iyan ay malunasan nila at masugpo sa napakaikling panahon sapagka't batid din ng bawa't isa ang kalubhaan at kahirapang malutas ng mga iyan. Ang hinihintay nila ay ang pag-ukulan lamang ng Pamahalaan ng panahon na dinggin ang mga idinaraing ng bayan ukol sa kanilang mga kalagayan. At pagkatapos nilang dinggin ang mga ito ay unawain nila at isipin ang tumpak na hakbang.

Bagaman hanggang ngayon ay wala pang ginagawang anumang hakbang ang mga ahensiyang may kapananagutan sa kabuhayan ng bansa sa paglutas sa maraming suliranin, naniniwala ang mahihirap na mamamayan na ginagawa nila ang kinakailangang mga pagsisikap upang matugunan ang karaingan ng sambayanan. Bagaman ang Banko Sentral ay wala pang ginagawang hakbang sa harap ng katotohanang mababa na ang halaga ng salaping Pilipino, umaasa pa rin ang mahihirap na mamamayang hindi nito nakalilimutan ang tungkuling dapat silang gumawa ng paraan upang mapawi ang laganap na kawalang kasiyahan.

Ang mabuting kalagayang pambansa ng Pilipinas ay dapat na malamang isang batayang ginagamit ng mga ibang bansa sa daigdig sa pagsukat sa laki at halaga ng pagtinging iuukol nila sa atin. Ang mabuting kalagayan ng ating bansa sa harap ng Malayang Daigdig ay huwag nating dungisan sa pamamagitan ng kawalan ng pagpapahalaga sa mga bagay na dapat na unang isaalang-alang.

Ang katatagang pangkabuhayan ay hindi lamang mahalaga sa kapakanang panloob ng isang bansa kundi lalo pa nga sa kanyang kapakanang panlabas. Subali't kung ang kapakanang panloob lamang ay hindi pa natin mapabuti at mapaunlad, gaano pa kaya ang kapakanang panlabas? Anong mukha ang maipakikiharap ng Pilipinas sa isang maunlad na bansa sa daigdig kung tayo ay isang hamak na pulubi sa paningin ng bansang iyan? • • •

# NAGBALIK NA PAGMAMAHAL

**Hindi inaakala ni Femy ay nagkaroon ng pagtatangi sa kanya ang pinamamasukang tagapamahala, at . . .**

*nina Teodorico C. Santos at Pedro Reyes Villanueva*

**BAKAS NG NAKARAAN**

**Namatay ang ama ni Femy at naulila siyang lubos. Natuklasan din niyang wala na ang kanilang kayamanan. Si Donya Isabel, asawang kauli ng kanyang ama, ay hindi rin niya nakasundo ng loob at nalaman na lamang niyang ipinagkakasundo siya nito kay Don Rosauro upang mahango sila sa kahirapan. Hindi nakitungo si Femy sa don, at isang araw ay pinagtangkaan siya nito nang masama. Nakaiwas si Femy at itinuloy na niya ang balak na lumayo sa kanyang tiyahin. Binigyan siya ni Mang Ambo, ama ni Gloria na kaibigan niya, ng isang liham na magpapakilala sa kanya sa isang kamag-anak niyon sa Maynila. Nguni't nawala ang liham na iyon at kung saan-saan napadpad sa tuntod si Femy. Napasok siyang alila. Di siya nakatagal sa pagmamalabis ng naging panginoon niya. Isang gabi'y naglakas-loob siyang magprisinta sa isang klub at natanggap siyang mang-aawit. Nguni't dito'y nagkaroon siya ng kagalit, si Rita, at ipinagkanulo naman siya sa isang pangkat ng sex gang. Naligtasan din ito ni Femy sa tulong ni Mr. Reyes, ang manager ng klub . . .**

—★ O ★—

**(Ika-9 na Labas)**

MABILIS na lumipas ang mga araw. Ang maraming pangyayaring nakaraan sa buhay ni Femy ay parang mga lantang dahong nalagas sa tangkay. Hindi na niya ibig pang lingunin ang maiitim na anino ng kanyang kahapon. Maging si Aling Amandang nagmalupit sa kanya at si Rita na nagkanulo sa kanyang kapurihan ay nilimot na niya. Ang tanging paminsan-minsang sumusurot sa balintataw ng kanyang mga mata ay ang mapanghikayat na mga ngiti ni Donya Paula at ang pangkat nina Gorio, Siso, Esteban at Teriong Pipi.

Kung mayroon siyang pinagkakaabaalahan ngayon ay ang makatipon ng salapi upang siya'y makapagsarili at maipagpatuloy ang napatigil na pag-aaral. Napag-aralan niya sa buhay na hindi sapat ang kagandahan, manapa'y ito ang nagtutulak sa isang tao upang mabulid sa kapariwaraan.

Dapat na sanang masiyahan siya sa klub ni Mr. Reyes. Doo'y nagkaroon siya ng maraming tagahanga. Mayroon na ring mga ilang pusong bubulung-bulong sa kanya, tatakam-takam na waring kinagugutuman ang kanyang kagandahan. Subali't ano ang kanyang malay? Hindi ba maraming lalaking nagpapakabaliw sa ibang mga kandungan gayong may mga asawa at anak? Hindi ba maraming pusong nagsasamantala sa kahinaan ng mga babae? Siya, na isang mang-aawit sa klub ay karapat-dapat bang iharap sa dambana at gawing reyna ng isang tahanan? Ang lahat ng iya'y pinagtitimbang-timbang ni Femy. Kaya't upang siya'y makakalas sa ganyang pamumuhay ay ipinako niya ang kanyang paningin sa malayo, na pinasisigla ng pag-asang balang araw ay mahahango niya ang kanyang sarili.

Datapuwa't nakita ni Mr. Reyes ang kariktan at kasariwaan ni Femy. Sa bawa't oras ay nagdaraan sa kanyang paningin ang isang larawang kabighabighani, natutukso at nakapanghihinayang na mahulog pa sa ibang mga kamay. Kung malaki man ang agwat ng kanyang gulang sa dalaga, kung siya ma'y may pananagutan sa buhay, marahil ay hindi naman kalabisang pagukulan niya ng pag-ibig at pagmamahal si Femy. Siya'y may salapi, may kakayahan siyang bumuhay kahi't tatlo o apat na babae. At isa pa, hindi ba si Femy ay iniligtas na niya sa isang tiyak na kasawian? Hindi ba siya'y may malaki nang puhunang maisusurot kung sakasakali? Kaya't ang pagtingin niya kay Femy na walang pag-iimbot maliban sa pagkasangkapan sa papapaunlad ng kanyang negosyo, ay naragdagan pa ng isang paghahangad — ang paghahangad na magpakalasing sa kandungan ng dalaga.



Takang-taka si Femy nang bigla na lamang marinig ang di inaasahang pagpapahayag ni Mr. Reyes. Dadalawa sila noon sa silid-tanggapan ng tagapamahala at may-ari ng klub.

—Femy, hindi mo ba napapansin ang malabis kong pagtatangi sa iyo? Hindi mo ba nadarama na ikaw ay aking iniibig?

Napatingin ang dalaga sa mukha ni Mr. Reyes. Napakunot ang kanyang noo sa pagkabigla. Kailan man ay hindi niya inaasahang ang lalaking itinuturing niyang isang maginoo ay mabuyong magsalita sa kanya ng gayon.

—Mr. Reyes, —ang nasambit ni Femy pagkaraan ng ilang saglit, —hindi ko akalaing magkaroon kayo ng hangarin sa akin! —at tumindig siya upang iwan ang tagapamahala.

—Femy, huwag ka sanang pabigla-bigla. Alalahanin mong nang dahil sa akin ay umani ka ng maraming tagumpay sa iyong pag-awit.

—Hindi ko ikinakaila, Mr. Reyes ang inyong kagandahang-loob, at maidaragdag ko pa ang ginawa ninyong pagliligtas sa akin.

—Gayon pala ay bakit ipanggigilalas mo ang narinig mo sa akin? Kung ikaw'y mapaibang kamay ay hindi mo matitiyak ang iyong magiging kapalaran, nguni't kung ako ang magmamahal sa iyo, ay mananagana ka sa kaligayahan.

—Nagkakamali kayo, Mr. Reyes, kung ang inyong pinagpaparunan ay sapagka't marami kayong salapi! Ang pag-ibig ay hindi maaaring pantayan ng salapi!

Parang nasundot ang kapalaluan ng tagapamahala ng gayong sagot ng isang mang-

(Sundan sa pahina 21)

● **Pangkabataan**

# "ITO ANG AKING AKDA"

**** KABATAAN: Ipadala sa pitak na ito ang "unang bunga ng inyong panitik" ..at . . . abangan. Kung "maaari" rin lamang ay tiyak na malalathala. Ang karampatang pabuya sa bawa't malathala ay masisingil ng may-akda sa tanggapan ng "Bagong Buhay," Gusaling Times, Florentino Torres, Maynila. Kung taga-probinsiya ay ipadadala sa pamamagitan ng koreo.**

**Tandaan: huwag kukulangin sa isa (1) at huwag namang bihigit sa isa't kalahati (1½) ng karaniwang papel-makinilya ang haba ng bawa't akda, at makinilyado sa dalawang patlang (double space). Maaari ring sulat-kamay, kailanpama't maliwanag ang pagkakasulat at may malaki-laking ispasyo.**

**Ang bawa't akda ay kailangang lakipan ng kupong nauukol sa pitak na ito. Maaaring magpadala ng kahit ilang akda kailanpama't ang bawa't isa ay may kasamang kupon — alalaong baga, kung dalawang akda ay dalawang kupon, at kung tatlong akda ay tatlo ring kupon. Ang akdang walang kalakip na kupon ay hindi isasaalang-alang.**

**Ipadala ang inyong akda sa: "Pitak ng "ITO ANG AKING AKDA". Magasin ng Bagong Buhay, Gusaling Times, Florentino Torres, Maynila.**

## *"Good Morning Teacher"*

**"NANG MALAPIT SI CARLITO SA KANILANG TAGPUAN AY HINTAKOT SIYANG NAPATIGIL"**



NABUNGARAN ni Carlito na si **Miss Villarosa** ay nagsusulat sa pisara ng kanilang aralin sa araw na iyon. Marahan at maingat na lumakad siya patungo sa kanyang upuan.

—Carlito! —Mariin ang tinig na narinig ni Carlito na biglang ikinapalingon niya. Hindi nakaila sa kanyang paningin ang mga mata ng kanyang mga kamag-aaral na pawang nakatuon sa kanya nang buong panunuri. —Maraming ulit nang nangyari na kung pumasok ka ay huli! Ngayon din ay lumabas ka at humingi ka ng **excuse slip** sa ating Prinsipal!

Hindi na sumagot si Carlito. Kilala niya ang ugali ng kanyang guro. Pag tungkol din lamang sa kanilang pag-aaral ay lubhang mabagsik.

Lumabas si Carlito upang magtungo sa tanggapan ng kanilang punong-guro. Ayaw din naman niyang makarating sa kanyang mga magulang ang hindi niya pagpasok sa oras sapagka't maaga naman siyang umaalis sa kanila. Ang tutoo ay sinasadya lamang niya ang hindi pagpasok nang maaga sapagka't namumuhi siya sa kanyang guro, dahil sa araw-araw na pagpuna nito sa kanyang mga kilos at pananamit.

—Mabuti pa yatang maghinto na ako ng pag-aaral, —kung minsan ay nasasabi tuloy sa sarili ni Carlito.

Saglit na napahinto sa paglakad si Carlito nang mapuna niyang malapit na siya sa nakapinid na pintuan ng tanggapan ng kanilang punong-guro.

—Ano kaya ang idadahilan ko? A, bahala na...

Akmang kakatok na sa pinto si Carlito nang may tumapik sa kanyang kanang balikat.

—Ikaw pala, Jaime, —aniya nang makilala ang tinukoy.

—Bakit ka narito, Carlito? Pinalabas ka ba ng inyong titser? Tayo nga muna sa "canteen" at doon tayo magusap sandali, —ang yaya ni Jaime kay Carlito.

Magkasamang nagtungo sa kantina ang dalawa.

—Alam mo, Jaime, pinalabas ako ng aming titser dahil sa huli na naman daw ako... kung minsan, e binabalak kong huwag nang pumasok, e. Alam kong galit sa akin si **Miss** Villarosa.

—Kung gayon huwag na tayong pumasok mamayang hapon, —ganting tugon ni Jaime sa sinabi ni Carlito.

—Mamayang hapon ay hihintayin kita sa tindahan nina Cheng sa kanto at may pupuntahan tayo. Pera ang lalakarin natin. Ano, payag ka ba?

—Oo, Jaime. Pupunta ako doon...

—Sige, hiihntayin kita ha? —At masayang naghiwalay na ang dalawa.

Kinahapunan, nang dumating ang sandali ng kanilang tipanan ay nagtungo si Carlito sa pook na kanilang pagtatagpuan ni Jaime. Habang naglalakad siya ay inaasam-asam niya ang magiging kaligayahan niya sa hindi pagpasok nang hapong iyon, gayundin ang perang **lalakarin** nila.

Nang malapit na si Carlito sa kanilang tagpuan ni Jaime ay hintakot siyang napatigil nang makita niyang hawak ng isang pulis si Jaime...

Noon napaghulo ni Carlito ang tunay na kahulugan ng pagtipan sa kanya ni Jaime.

—Salamat po. Mahal na Poon, at iniligtas Ninyo ako sa tiyak na kapahamakan. —padasal na nausal ni Carlito.

Kinabukasan, maaga pa ay pumasok na si Carlito.

**—Good morning, Teacher!** —magalang na bungad ni Carlito sa kanilang guro nang siya ay pumasok na sa kanilang silid-aralan.

Napatigagal si **Miss** Villarosa sapagka't ang narinig niyang binigkas ni Carlito ay katuparan ng malaon na niyang ninanais marinig kay Carlito, na kinapapalooban ng lubos na pagbabago nito.

**—Good morning,** Carlito. Pumasok ka... —mabanayad at magiliw na tugon ni **Miss** Villarosa nang mapukaw sa pagkakatigagal.* * *

**—Rogelio Sanchez**
**18 taong gulang**
**1219 Del Pilar**
**Lunsod ng Kabanatuan**

# Natupad din ang Pangarap

**DAHIL SA PAGHAMAK NG INA NG KANYANG KASINTAHAN, NATUTO SIYANG MAGPUNYAGI**



MATAGAL nang magkasintahan sina Ben at Liza, nguni't hindi matuloy ang pagharap nila sa altar sapagka't tutol ang ina ng dalaga, si Aling Denang, sa kanilang pag-iibigan. Ang pangarap ni Aling Denang na mapangasawa ng kanyang anak ay isang manggagamot, hindi gaya ni Ben na isang magsasaka lamang. Si Ben ay tapos ng **high school** at talagang pangarap niyang maging isa ring doktor, nguni't dala ng kahirapan ay napilitang tumigil na ng pag-aaral.

Isang gabi, ang magkasintahan ay nagtipang magkita sa dalampasigan. Sila'y nag-ulayaw sa tanglaw ng kabilugang buwan habang ang dalaga'y nakahimlay sa bisig ng binata.

—Kung tayo'y makasal ay ihahandog ko sa iyo ang isang malawak na bukirin, —ang pangako ng binata.

—Paano kung tumutol si Inay? —tanong ng dalaga.

Sasagot pa sana si Ben, nguni't siya'y napatda nang makitang nakatayo sa kanilang harapan si Aling Denang na galit na galit.

—Hmm! Magaling! At kung kayong dalawa ba'y kasal na ay maibibigay mo kaya ang ipinangangako mong bukirin? —nakapamaywang na tanong ng matanda.

Hindi nakaimik ang binata. Dahil sa kahihiyang tinamo ay madali itong lumisan nang walang paalam.

Buhat noon si Liza'y lagi nang naghihinagpis dahil sa hindi pagdalaw sa kanya ni Ben.

Maraming kakila-kilabot na pangitain ang nasa isip ng dalaga tungkol sa binata, hanggang sa isang araw ay tumanggap siya ng isang liham buhat kay Ben. Anang liham:

**Mahal ko, alam kong di-**

**(Sundan sa pahina 31)**

Pitak ng "Ito Ang Aking Akda"
Magasin ng Bagong Buhay
Gusaling Times, Florentino Torres, Maynila

G. Patnugot:

Kalakip po nito ang isa kong akda na may pamagat na ...................................
...................................................

Pangalan ...................................
............................... Edad: ........

Tirahan o paaralan: ............................
...................................................

aawit lamang sa kanyang klub. Tinitigan niya si Femy.

—Nagkakamali ka, Femy. Hindi ko binibili ang iyong pag-ibig. Ang iniluluhog ko sa iyo ay pag-ibig sa pag-ibig at puso sa puso.

—Lalo kayong nagkakamali, marangal na tagapamahala, —ang may pagkutyang tugon ng dalaga. —Paanong makapaglalapit pa kayo ng pag-ibig sa akin? Hindi ba ang puso ninyo'y bilanggo na ng ibang puso? May asawa kayo at mga anak!

—Femy, ipinangangako ko sa iyong hihiwalayan ko siya nang dahil sa iyo, —ang mapusok na pasya ni Mr. Reyes.

—At igigiba ninyo ang isang tahanan upang paluhain ang isang asawang sinumpaan ninyong mamahalin? Dinaramdam kong sabihin na kayo'y isang lalaking hindi karapat-dapat sa papuri kundi sa... —at si Femy ay nagdudumaling lumabas sa silid-tanggapan ng tagapamahala.

—oOo—

UMAAPAW sa kalooban ni Mr. Reyes ang pagdaramdam kay Femy. Hindi niya akalaing pagpakitaan siya ng kagaspangan, halimbawa na ngang nakapagpahayag siya ng pag-ibig. Para sa kanya, ang ginawang yaon ng dalaga ay tahasang paglapastangan sa kanyang pagkalalaki. Siya na iginagalang ng mataas na lipunan ay hindi papayag na pagsalitaan at hamakin lamang ng isang mang-aawit. Susubukin niya ang katigasan ng loob ni Femy. Higit sa isang mang-aawit n anasa ilalim ng kanyang kapangyarihan ay napagtagumpayan niya. Diyata't kay Femy lamang ay magpapakabigo siya?

Magbuhat noon ay hinigpitan na ni Mr. Reyes si Femy. Kung minsa'y pinagpaparingan na rin niya ang dalaga ng mga salitang dapat ipagdamdam. Nguni't si Femy ay natatawa lamang nang lihim, sapagka't nagugunita tuloy niya si Don Rosauro na nagkandarapa sa paghabol sa kanya. Hindi kaya gayundin ang mangyari kay Mr. Reyes?

At isang gabi, pagkatapos ng pag-awit ni Femy ay muling tinawag ni Mr. Reyes sa kanyang silid-tanggapan.

—Kaya kita tinawag, ang simula ng tagapamahala, —ay sapagka't ibig kong bigyan ka ng pagkakataon sa iyong hanap-buhay.

—Ano ang ibig ninyong sabihin? —ang sagot na patanong din ng dalaga.

—Ibig kong pamiliin ka ngayon sa dalawang bagay: tanggapin mo ang aking pag-ibig o humanap ka na ng ibang papasukan?

—Hindi ko po akalaing mapaghiganti pala kayo, —ang tugon ni Femy. —Kung halimbawang tanggapin ko kayo kahit hindi ko naman kayo iniibig, masisiyahan naman kaya kayo?

—Kaya ang sinasabi ko sa iyo ay ibigin mo nga ako, —ang mariing turing ni Mr. Reyes. —Kapag ginawa mo iyan ay ikaw na ang pinakamapalad sa lahat ng babae.

—Hindi ko nga kayo maiibig kailanman! —ang lalong mariing sagot ni Femy. —May lumigaw na sa aking matandang mayaman, nguni't hindi ko tinanggap at pinili ko pa nga ang magpakasakit. Kung salapi lamang ang aking tinitingnan, hindi na ako mapupunta sa klub na ito.

Tumindig si Mr. Reyes at hinawakan sa kamay ang dalaga.

—Kung gayo'y pinipili mo na ang umalis sa klub, hindi ba?

—Kung ang ipipilit ninyong sa aki'y ibigin ko kayo, kahi't ngayon di'y nakahanda akong umalis.

—Ako naman ang nagsasabing hindi ka makaaalis!

—At bakit po? Hindi po ba maliwanag ang aking sagot? Diyan na kayo, —at iniwaksi ng Dalaga ang kamay ng tagapamahala.

Nguni't biglang kinabig ni Mr. Reyes si Femy at mabilis na nilagdaan ng halik ang labi ng dalaga.

—Huwag! Bitiwan ninyo ako! —ang sigaw ni Femy.

Pinalaya ni Mr. Reyes si Femy.

—Ngayon, —sabi ng tagapamahala, —magkano ang dapat kong ibayad sa mga halik na ninakaw ko sa iyo?

—Eto ang bayad! —ang sabi ng dalaga na kasabay ang malakas na sampal sa mukha ng lalaki.

Tinutop ni Mr. Reyes ang kanyang pisngi, samantalang si Femy ay mabilis na lumabas sa silid-tanggapan at nagtungo sa kanyang tutulugan. Galit na galit ang dalaga. Pinagbabalot ang kanyang mga damit at mga kasangkapan. Nang siya'y aalis na lamang ay nilapitan siya ni Mr. Reyes. Nagulat si Femy nang magbago ng pangungusap ang lalaki.

—Femy, patawarin mo ako. Kinikilala kong malaking kamalian ang aking ginawa. Huwag kang umalis, umawit ka pa ngayon sapagka't may dumating tayong mga bagong suki.

—Hindi na ninyo ako mapipigilan, Mr. Reyes.

—Huwag Femy, hindi na mauulit ang nangyari. Yao'y dala lamang ng aking kasabikan sa iyong kagandahan. Hinahanap ka ng aking mga suki, at may mga bagong suki pa tayong nagsidating.

—Ginagawa na ninyo akong kasangkapan sa inyong klub ay ibig pa ninyong dumhan ng aking kapurihan!

—Paniwalaan mo ako, Femy. Isinusumpa ko sa iyong kapag inulit ko pa ang gayon ay magagawa mo na ang iyong ibig, —at inagaw sa kamay ng dalaga ang maleta.

Napahinuhod naman si Femy, palibhasa'y nakita naman niya ang pagsisisi ni Mr. Reyes. Saka ang totoo'y hindi naman niya nalilimot ang malaking utang na loob kay Mr. Reyes, na hindi maaaring bayaran ng salapi. Kaya't nag-ayos na naman siya at ilang saglit pa ay nasa harap na siya ng mikropono. Nag-umugong ang palakpakan. Yumukod muna ang dalaga at ngumiti sa karamihan. Nagpalakpakan na naman. Saka pa lamang siya nagsimula sa pag-awit. Lalong naging kahanga-hanga ang kanyang tinig, kalakip ang kanyang damdamin at kaluluwa. Nanunuot sa puso ng madla ang lambing, kaya't halos mapigil ang paghinga ng mga nakikinig.

Sa isang hapag na nasa gawing kanan ng bulwagan ay may isang lalaking nagmamasid na mabuti kay Femy. Hindi halos kumukurap ang mga mata.

Nang matapos ang marikit na awit ni Femy ay sinuklian siya ng masigabong palakpakan. Yumukod siya at ngumiti na naman, subali't lalong lumakas, humaba ang palakpakan. Kaya't napilitan siyang umawit na muli upang mabigyang kasiyahan ang kanyang mga suki. Nang siya'y papaalis na sa mikropono ay isang lalaking may kagulangan na ang sumalubong sa kanya. Nabigla si Femy nang makilala iyon.

—Mang... Mang... Pablo! —ang buong pagkamanghang nabigkas ng dalaga.

—Femy... sinasabi ko't ikaw nga si Femy! Habang

(Sundan sa pahina 23)















# "RIOT" sa Munti!






# "forget-me-not"

katha ni VBR REVALO



# "Hindi Kita Malilimot"



**Pagtatapat ng isang dalagang-nayon**
**kay Benito R. Cadiz**

**May mga pusong pinapagtatagpo ng kapalaran upang lumikha ng malungkot na kasaysayan ng pag-ibig na matititik sa aklat ng panahon!**

**ANG NAKARAAN:**

**Dumating sa nayon nina Selina ang isang lalaki, si Raul. Nakiusap itong doon na magpapalipas ng magdamag sa tahanan nina Selina. Sa pag-uusisa ni Mang Teroy na ama ni Selina, nagtapat si Raul kung bakit siya napadpad doon. Tumakas daw siya sa Maynila sa pag-aakalang napatay niya sa suntok ang karibal ng kanyang kapatid na binata na umaway sa kanila. Pinayuhan ni Mang Teroy si Raul na harapin ang katotohanan. Lalong masama kung iiwasan ng binata ang batas.**

**Kinabukasan, nagisnan ni Selina na nagsisibak ng kahoy si Raul. Lihim na natuwa siya sa binata.**

**Nang magpaalam si Raul kina Mang Teroy upang umano'y "harapin na ang katotohanan" ay nalungkot si Selina. At nang makaalis na ang binata ay di niya maipaliwanag kung bakit nakadama siya ng pangungulila.**

**Kinahapunan, sa pagtataka ni Selina ay muling dumating si Raul. Sinabing nagkamali pala ng akala, at kaya muling nagbalik ay upang humingi uli ng tulong kina Selina.**

**(KARUGTONG)**

MATAGAL bago nakapagsalita ang dalaga.

—Anong nagkamali kayo ng akala? Hindi ko kayo maunawaan.

—Hindi pala ako nakamatay ng tao. Saglit lang na nawalan ng malay ang aking nakaaway...

—Salamat na lamang... —pabuntung-hiningang nasabi ni Selina. —E, ano naman ang sinasabi ninyong tulong na hihilingin uli ninyo sa amin?

—Ipakikiusap ko sana sa inyo na kung maaari'y dumito na uli ako nang mga ilang araw. Ibig ko lamang sundin ang pakiusap ng aking ina na lumayo muna ako sa nakaaway kong iyon pagka't masama raw ang banta sa akin. Kung ako lamang ay hindi ako natatakot, nguni't ayaw kong bigyan ng intindihin ang aking ina. Kaya sumunod na rin ako sa kanyang nais.

Sinabi ni Selina kina Mang Teroy ang pakiusap ni Raul. At gaya nang una ay malugod namang tinanggap din ang binata ng mga magulang ng dalaga.

Sa ilang araw na ipinanatili ni Raul kina Selina ay ganap na nagkahulihan sila ng loob. Naging palagay na ang pakikisama ni Raul kina Mang Teroy. Tumutulong ang binata sa mga gawaing kaya niyang gampanan.

Isang bagay ang ipinagtataka ni Selina sa kanyang sarili. Sa tuwing magkakaharap at magkakausap sila ni Raul ay parang labis siyang naliligayahan. Pinananabikan niyang marinig na lagi ang tinig ng binata, lalo't kung nagkukuwento ito ng mga bagay na nauukol sa siyudad. Kung bakit siya nagkakagayon ay siyang hindi niya lubos na maunawaan.

Hindi rin nalilingid kay Selina ang kapansin-pansing mga kilos ni Raul. Malimit niyang mahuling pinagmamasdan siya. Kapag nagkatama ang kanilang paningin ay madali namang binabawi na parang umiiwas na di niya mawari. Minsa'y ipinanguha pa siya ni Raul ng mga bayabas sa kanilang bakuran. Nang iabot sa kanya ay panakaw na hinawakan ang kanyang palad, na hindi naman niya nagawang bawiin agad sa di rin niya malamang sanhi. Pinakatitigan siya noon ni Raul, nguni't pagkatapos ay madaling tumalikod at nanaog. Nang bumalik ay may dala nang isang baldeng tubig na inigib sa kalapit na poso.

—Bakit naman nag-abala ka pa niyan... —ang nasabi na lamang noon ni Selina.

—Walang bagay ito, —sagot ni Raul. —Hindi ko nga malaman kung paano ako makagaganti sa mga kabutihang ipinakikita ninyo sa akin.

Iyon lamang at wala nang sinabi ang binata. Muling lumabas at naupo sa balkon hanggang sa abutin doon ng dilim.

Isang tanghali, si Selina ang nagdala ng pagkain kina Mang Teroy sa bukid. Dahil sa marami ng bitbit si Selina at may dala pang isang pitsel ng malamig na inumin, sinabi ni Raul na sasamahan na siya, at hindi naman nakatanggi ang dalaga. Si Raul na ang nagdala ng basket ng pagkain.

Sa pagdaraan nila sa isang pilapil ay nagkataong may lumundag na palaka. Nagulat si Selina at napakapit sa bisig ni Raul. Nahawakan din siya ng binata. at matagal na nagkatama ang kanilang mga titig.

Sapat ang pangyayaring iyon upang malantad ang katotohanang nilalaman ng kanilang dibdib. Naramdaman na lamang ni Selina na hinagkan ni Raul ang kanyang palad, na sa pakiwari niya'y nakapagdulot sa kanya ng walang kapantay na kaluwalhatian.

—Maaaring sabihin mong ako'y lubhang pangahas o walang utang na loob, Selina... nguni't kailangang malaman mo ang tutoo, —ang nawika noon ni Raul. —Minamahal kita! Inibig na kita nang lihim simula nang unang araw na tayo'y magkakilala...

Hindi nakasagot si Selina. Napatungo lamang na malakas ang kaba ng dibdib. Sa kauna-unahang pagkakataon nalaman ni Selina ang kahulugan ng mga nadarama niya buhat nang makilala niya ang binata.

Umiibig din siya kay Raul, isang pag-ibig na tumubo sa unang sandali ng kanilang pagkikita.

Hindi nagawang ikubli pa ng dalaga ang kanyang damdamin. Sa loob ng napakaikling mga sandaling hindi halos mapaniniwalaan, ay nagkaunawaan ang mga puso nila ni Raul.

—Nguni't... natatakot ako, Raul, —ang nasabi ni Selina habang hawak ni Raul ang kanyang palad. —May nagsasabing ang ano man daw bagay na madaling nakuha ay madali ring mawala. Natatakot akong baka dagling magwakas ang ating pagmamahalan...

—Huwag kang mag-alaala, Selina, —buong pagmamahal na sagot ni Raul. —Ang pag-ibig ko sa iyo'y hindi magbabago, ano man ang mangyari at subukin man ng panahon-

Buhat noon, naging malimit na ang lihim na pag-uulayaw nina Raul at Selina kung sina Mang Teroy ay nagtutungo sa bukid at sila lamang ang naiiwan sa bahay. Walang kamalay-malay ang kapatid at mga magulang ni Selina sa pag-iibigan ng dalawa.

Subali't nitong mga huling araw, isang bagay ang di na-



kaila kay Selina. Malimit niyang makitang natitigilan si Raul na wari'y nag-iisip nang malalim. Kapag sila'y nag-uusap, di rin nakatatakas sa kanyang paningin ang paminsan-minsang pagkakatigagal ng binata.

—Ano ang nangyayari sa iyo, Raul? —di na nakatiis na usisa ni Selina isang hapong sila'y muling nag-uusap at mapansin niya ang biglang pagwawalang-kibo ng binata. Wala rin noon sina Mang Teroy at ang kanyang ina lamang na may ginagawa noon sa kusina ang kasama nila sa bahay.

Matagal na hindi nakaimik si Raul.

—Napapansin ko nitong mga huling araw ang biglang mong pagbabago, —muling wika ni Selina. —May ipinaglilihim ka sa akin, Raul. Nguni't kung ano man ang iyong suliranin, ipagtapat mo sa akin upang ikaw ay aking madamayan.

—Walang anuman ito, Selina, —naisagot ni Raul. —Aywan nga ba kung bakit malimit dumaan sa akin ang ganito. Parang matamlay akong hindi ko mawari. Likas na ito sa akin...

Hindi napilit ni Selina na magbukas sa kanya ng dibdib ang binata. Gayunma'y natitiyak niyang may inililihim nga kaya si Raul.

Nang gabing iyon ay hindi natulog agad si Raul. Nanatili itong nasa balkon hanggang sa hatinggabi. Waring nag-iisip na naman nang malalim. Nakikita ni Selina ang binata pagka't paminsan-minsang sinisilip niya buhat sa silid. Hindi rin dalawin ng antok ang dalaga.

Naghihilik na si Mang Teroy sa karatig na silid nang maingat na lumabas si Selina at nilapitan si Raul.

—Bakit hindi ka pa matulog, hatinggabi na... —ang pabulong na wika ni Selina.

—Salamat sa pag-aalaala mo, Selina. Nguni't huwag mo na sana akong alalahanin. Hindi pa ako nag-aantok. Parang nakikinikinita ko ang isang malungkot na pangyayaring magaganap bukas, pagsikat ng araw. Ewan ko kung ano. Kaya, ibig kong manatiling gising sa magdamag na ito upang magtagal-tagal ang pagdaraan ng mga sandali...

Hindi malaman ni Selina kung bakit di niya napigil ang kanyang luha. Marahan siyang napahikbi.

—Raul, nalalaman kong may ipinaglilihim ka sa akin. Kung ako'y sadyang mahal mo, ipinakikiusap ko sa iyong buksan mo sa akin ang iyong dibdib. Huwag mo akong pahirapan sa malabis na pag-aalaala. Hindi tuloy ako mapalagay at di matahimik. Nalalaman kong may mabigat kang suliraning ayaw mo lamang ipagtapat sa akin...

—Oo, ipagtatapat ko na sa iyo ang ibig mong malaman, —ang wika ni Raul. —Nguni't isang bagay lamang ang nais kong malaman mo, Selina. Ano man ang mangyari sa atin, saan man ako maparoon at saan man tayo ihantong ng kapalaran ay tandaan mong pinakaiibig kita!

—Bakit ka nagsalita ng gayan, Raul... —pinahid ni Selina ang luhang bumabasa sa kanyang mga pisngi. —Para bagang ito na ang huling gabi ng ating pagkikita...

—Maaari. Nguni't inuulit ko sa iyong ano man ang mangyari, saan man ako naroroon, tandaan mong lagi na iniibig kita at iibigin magpakailanman!

—Bakit nga nagsasalita ka ng ganyan...? Bakit? O, tapatin mo na sana ako, Raul! Huwag mo naman sana akong pahirapan —at muling napahikbi si Selina na kasabay ng pagpatak ng kanyang luha.

Sa halip na sumagot si Raul ay napalingon sa dakong loob ng kabahayan. Nang sumunod ang tingin ni Selina ay nakita nila si Mang Teroy. Nagising pala ang matanda at nakita ang kanilang kapansin-pansing pag-uusap. Nais mang ilihim pa ni Selina ang katotohanan ay hindi na nangyari. At noon lamang nabatid ni Mang Teroy ang lahat.

—Huwag kayong mag-alaala, —ang sabi ni Mang Teroy, na hindi pinansin ang pagluha ng anak sa pag-aakalang karaniwang pagluha lamang iyon ng isang dalagang nagsasangla ng puso sa lalaking minamahal. —Binibigyan ko ng kalayaan ang puso ng aking mga anak. Kung kayo'y nagmamahalan ay wala akong tutol. Kaya lamang ay isang bagay ang sasabihin ko sa inyo: ayaw ko ng matagal na pagsisintahan. Ang ibig ko'y pakasal na kayo sa lalong madaling panahon, yamang diyan din lamang kayo mauuwi kung sadyang matapat kayo sa isa't isa...

Hindi sumagot si Raul, tandang hindi tumututol sa nais ni Mang Teroy. Nguni't kinabukasan, hindi na nila nagisnan ang binata. Isang sulat na lamang ang nabasa nila na iniwan para kay Selina.

**Selina, Mahal ko:**

**Ikaw ang nagmulat sa akin upang makilala ko ang katotohanan at ang kagandahan ng buhay. Subali't kaylungkot isiping huli na nang dumating ang lahat...**

**Nagsinungaling ako sa inyo noong una. Hindi tutoo ang mga sinabi ko sa inyo noon. Ang tutoo'y isa akong kontrabendista, isang salaring pinaghahanap ng maykapangyarihan. Marami akong pananagutan sa batas at sa lipunan. Iyan ang dahilan kung bakit tumakas ako sa lunsod.**

**Sa payo ng iyong ama ay binuo ko nang harapin ang katotohanan... ang parusa sa nagawa kong mga pagkakasala. Nguni't nagbalik ako sa inyo upang harapin din ang katotohanang ibinubulong ng aking puso. Salamat at naging mapalad naman ako sa iyong pagmamahal.**

**Subali't nalalaman kong hindi tayo maaaring magpatuloy. Sa malao't madali ay mahuhulog din ako sa kapangyarihang nais kong iwasan at ikaw ay aking maiiwan. Kaya habang maaga ay binuo ko nang kusang humarap sa batas.**

**Aywan kung gaano kabigat ang parusang magiging katimbang ng aking mga pagkakasala. Aywan kung sa pag-alis kong ito'y muli pa tayong magkikita. Subali't ano man ...alalahanin mong lagi na pinakaiibig kita, Selina! Hindi kita malilimot hanggang kamatayan!**

**Paalam,**
**Raul**

Habang binabasa ni Selina ang liham na iyon ay walang tila ang pagpatak ng kanyang luha...* * *





Matutunghayan na ngayon ang kasaysayan ng pag-iibigan nina Zaldy Zshornack at Shirley Gorospe, mga paboritong bituin ng mga tin-edyer

Sina Zaldy Zshornack at Shirley Gorospe, kasama ang ama't ina ni Zaldy na sina G. at Gng. Ernesto Zshornack. Kuha ang larawan nang tumulak si Zaldy patungong Tokyo upang gawin doon ang pelikulang "Tokyo 1960" ng C. H. Santiago Film Organization.

# "Ang Aming Pag-ibig"

Sa pagkakasalaysay ni Zaldy Zshornack kay Jose C. Garcia

KUNG MAY romansang nagpayanig sa buong Kapuluan at naging paksa ng bawa't usapan, hindi lamang sa mga palengke at bangketa kundi sa loob man ng mga upisina, pagawaan, ospital, paaralan, pansiteria at iba pang pook, iya'y ang naging romansa nina Zaldy Zshornack, ang idolo ng mga tin-edyer, at Shirley Gorospe, ang napiling "Bb. Pilipinas" sa Estados Unidos noong 1956. Ang romansa o pag-iibigan nina Zaldy at Shirley ay maaaring sabihing siyang pinakatampok na "romansa ng taon."

Maganda ang mga pangyayaring bumalot sa pag-iibigan nina Zaldy at Shirley, buhat sa unang sandali ng kanilang pagkikilala hanggang sa ganap na magkabuklod ang kanilang mga puso. Ang kasaysayan ng kanilang pag-iibigan ay mabibihira at maibibilang sa mga dakilang kasaysayan ng pag-ibig. Iyan ang isasalaysay natin ngayon, na ang maraming bahagi ay batay na rin sa pagtatapat ng mga "bayani" ng kasaysayang ito.

---

Hindi katulad ng maraming artista sa puting-tabing, ang pagsisimula ng kapalaran ni Zaldy Zshornack bilang bituin ay natatangi sa karaniwan. Hindi na nagdaan si Zaldy sa pagiging ekstra o "bit player" sa pelikula. "Co-starring role" kaagad ang ginampanan niyang papel, at ito ay sa **Unang Halik** ng Premiere Productions.

Kasiya-siya ang ipinamalas na pagganap ni Zaldy sa naturang pelikula. Ang balanang nakapanood ay humanga at pumuri sa kanyang kakayahan. Kaya nang maisipan ni Larry Santiago na isapelikula ang **Lo 'Waist Gang**, ang pinakamahirap na papel sa istorya ay kay Zaldy ipinagkatiwala. Si Zaldy ang tumupad dito ng papel na "Tony", ang pilyo at barumbadong anak ng isang senador, na naligaw sa matuwid na landas ng buhay. Sa pelikulang ito naging isang ganap na bituin si Zaldy, at dito siya higit na hinangaan ng lahat. Kung hindi sa mahusay na pagkaganap ni Zaldy na siyang higit na kinalugdan ng mga manonood, kaipala'y hindi magiging "box-office hit" ang **Lo 'Waist Gang** nang itanghal sa dulaang Dalisay.

Samantalang nagsisimula ang magandang kapalaran ni Zaldy sa Pilipinas bilang isang artista sa puting-tabing, sa siyudad naman ng Los Angeles, Estados Unidos, ay nagsisimula rin ang kapalaran ng isang kaluluwang magiging kaugnay ng kanyang buhay. Ito'y si Shirley Gorospe, ang nahirang na "Bb. Pilipinas" sa Amerika nang taong 1956.

Kabilang sa mga gantimpalang tinamo ni Shirley sa pinagwagiang timpalak-kagandahan ang pagliliwaliw sa ibang bansa at ang paglalakbay sa Pilipinas na siyang bayang sinilangan ng kanyang ama. Hindi man lamang naguguniguni ni Shirley na sa pagtuntong niya sa lupang Pilipino ay masusumpungan niya rito ang isang di-inaasahang kapalaran.

Masayang-masaya si Shirley Gorospe nang sila ng kanyang kapatid na si Pearl ay lumunsad sa Manila International Airport, isang araw nang taong 1956. Namasyal silang magkapatid at pinagmalas ang bagong tanawin sa lupaing masasabi na rin nilang sariling bayan.

—Ganito pala ang Pilipinas, —ang nawika (sa wikang ingles) ni Shirley kay Pearl nang sila'y nagpapahinga na sa Filipinas Hotel kinagabihan ng araw na dumating sila sa Maynila. —Halos katulad din ng Los Angeles... maraming malalaking gusali, magagarang kotse, magagandang sinehan at malalaking "night club".

—Oo nga, pihong masisiyahan tayo rito... —naisagot naman ni Pearl.

Nakatakdang dalawin nina Shirley sa dalawang linggong ilalagi nila sa Pilipinas ang maraming tanyag na pook. Halimbawa'y ang bantog na Pagsanjan Falls, ang Lalawigang Bulubundukin, ang Siyudad ng Bagyo, Siyudad Quezon, Lunsod ng Tagaytay at ang bayang sinilangan ng kanyang ama sa Kailokohan. Nakatakda ring dumalaw sila sa malalaking estudyo ng pelikula at sa mga tanyag na bahay-kalakal, bukod sa ilang matataas na pinuno ng pamahalaan.

Subali't hindi nakuhang isagawa ni Shirley ang lahat nang iyan. Naging abala siya sa pagdalo sa mga di-inaasahang paanyaya, kaya pata na halos ang kanyang katawan pagkalipas ang isang linggong pamamalagi nila rito.

Kabilang sa mga paanyayang hindi natanggihan ni Shirley ang sa Young Ladies Association of Charity na inaanyayahan siyang dumalo sa Malacañang Park upang panoorin ang pag-eensayo sa **basketball** ng mga koponang kasali sa isang benepisyo para sa kawanggawa.

Palibhasa'y kilala na ng marami si Shirley Gorospe, naging usap-usapan ng mga koponang kasali sa paligsahan ang pagdalo niya sa paanyaya ng YLAC. Kabilang sa mga nanabik na makita si Shirley ay ang SAM-PRE, koponan ng mga sikat na artista sa puting-tabing. Ito'y binubuo nina Zaldy Zshornack, Cirio H. Santiago, Manuel Vistan, Fernando Poe. Jr., Oscar Moreno, Eddie Arenas, "Boots" Bautista, Ric Rodrigo at iba pang bituin ng Sampaguita at Premiere.

—Kailangang magpakitang-gilas tayo sa ating panauhin, —wika pa ni Nanding, Jr. kay Zaldy nang magkausap ang dalawa sa estudyo ng Premiere.

—At sino naman siya na kailangang pagpasikatan pa natin? —ang sagot noon ni Zaldy.

—Ba, hindi mo ba alam! Napakaganda raw, e! Ala-Venus daw ang hubog ng katawan! Biro mo namang maging "Miss Philippines" ng Amerika, kung hindi talagang maganda! —ani Nanding.

Hindi gaanong pinansin ni Zaldy ang pagbabalita ng kaibigan. Para sa kanya ay ano kung maganda man si Shirley. Bakit niya pagkakaabalahan. Wala siyang hilig sa mga ba-

bae, at kung sino man si Shirley ay hindi niya pag-aaksayahan ng panahong isipin man lamang.

Nang dumating sina Shirlev sa Malacañang Park upang panoorin ang pag-eensayo ng mga koponang kasali sa benepisyo ng YLAC ay hindi man lamang natinag si Zaldy. Ni hindi siya naghangad na sumalubong kina Shirley na gaya ng ibang kasama.

—Halika, huwag ka munang magbihis. Salubungin natin si **Miss Philippines of America.** Kamayan natin... —ang yaya ni "Boots" kay Zaldy nang nagbibihis na siya ng damit-panlaro.

—Kayo na lang... —pawalang-bahalang sagot ni Zaldy.

Hindi napilit si Zaldy na sumalubong kina Shirley.

Nang magsisimula nang maglaro ang nagsasanay na mga koponan ay napabaling ang tingin ni Zaldy sa dako ng nagsisipanood. Saglit siyang natigilan na mandi'y nakakita ng kung anong kababalaghan.

—Hoy!... Bakit parang natuka ka ng ahas? —ang pukaw kay Zaldy ng isang kasama.

—Mangyari'y... nakikita mo ba ang nakikita ko? —at itinuro ni Zaldy ang isang magandang babaing kanina pa niya tinititigan. —Sino ba 'yun? Ang ganda!

—Ang hina mo naman. Si **Miss Shirley Gorospe** iyon! Hindi mo pa ba kilala?

—Ha? Siya ba! —parang di makapaniwalang sambot ni Zaldy.

At waring ibig pang magalit ni Zaldy sa kanyang sarili. Nanghinayang siya kung bakit hindi siya nakasalubong kina Shirley nang yayain siya ni "Boots". Sana'y nakamayan din niya ang dalagang ngayong makita niya'y dili ang di niya hinangaan. Talagang maganda nga naman ni Shirley, naisaloob niya. Ang katawan, ang tabas ng mukha, ang kutis... kung kumilos at ngumiti!

At tulak ng kung anong kapangyarihan, nasumpungan na lamang ni Zaldy na nasa harapan siya ni Shirley Gorospe.

—Isang karangalan namin ang panonood ninyo ng **practice game** naming ito. Inaasahan kong kayo'y madudulutan naman namin ng kasiyahan, —nakangiting sabi ni Zaldy na pinaiindayog pa ang himig ng pagsasalita habang nakatitig sa dalaga.

Napakunot-noo si Shirley, napatitig din kay Zaldy, nguni't hindi nagsalita.

—Tutoo nga pala ang balita, —muling wika ni Zaldy. —Kayo'y isang kagandahang tila pinilas kay Venus!

Hindi malaman ni Zaldy kung bakit naging matamis ang kanyang dila nang mga sandaling iyon. Hindi siya dating gayon.

Muling napakunot-noo si Shirley. Ngumiti at pagkuwa'y...

**—I'm sorry, Mister... but ...I don't understand what you're talking about...**

Noon lamang nalaman ni Zaldy na hindi marunong ng tagalog si **Shirley**. Humingi siya ng paumanhin at inulit niya sa wikang ingles ang kanyang sinabi. Napangiti si Shirley.

Siyang paghudyat na sisimulan na ang laro, kaya naputol ang pakikipag-usap ni Zaldy kay Shirley. Patakbong pumasok na siya sa **basketball court.**

Nang simulan ang laro ay nakita pa ni Zaldy na si Shirley at ang kasama nitong si Pearl ay naupo sa dakong gitna ng hanay ng mga upuan. Naging masigla siya sa paglaro. Naging mabilis ang pagagaw at pagsisiyut niya ng bola. Nais niyang magpakitang-gilas sa kanyang **inspirasyon.**

Panay ang sulyap ni Zaldy sa dako nina Shirley habang sila'y naglalaro. Subali't nang matatapos na ang "first quarter" ay biglang nawala sina Shirley sa kinauupuan. Ginala ng tingin ni Zaldy ang paligid nguni't hindi na niya makita. Nawala tuloy sa loob niya ang paglalaro.

—Saan kaya nagpunta? —tanong ni Zaldy sa kanyang sarili.

Bilang kasagutan ay lumagapak sa kanyang ulo ang bola. Muntik na tuloy siyang mapasubsob sa lakas ng pagkakatama niyon na di na niya nalaman kung sino ang naghagis. Mabilis siyang kumilos at tinangkang agawin ang bola, subali't hanggang sa matapos ang laro ay hindi na siya nakasiyut minsan man. Nawalan na siya ng sigla pagka't nawala ang kanyang inspirasyon!

Nagtanung-tanong si Zaldy sa ilang dalagang naroroon kung saan nagtungo sina Shirley. Subali't walang makapagsabi sa kanya. Hinanap niya, nguni't nagala na niya ang buong paligid ay hindi niya matagpuan.

Matamlay si Zaldy nang umuwi nang araw na iyon. Ang tangka niya'y muling kausapin si Shirley pagkatapos ng kanilang laro, nguni't hindi nangyari pagka't nawala na lamang iyon at sukat. Kung kailan niya muling makikita ang dalaga ay hindi niya masabi. At kung saan, ay hindi rin niya malaman. Ang nalalaman niya'y pinananabikan niyang muling makita si Shirley. Kung bakit ay siyang hindi naman niya maipaliwanag.

**Sa susunod na bilang: Ang muling pagkikita nina Zaldy at Shirley sa isang di inaasahang pagkakataon, at ang pagkapahiya ni Zaldy nang tumanggi si Shirley na makipagsayaw sa kanya sa isang sayawang kapuwa nila dinaluhan.**

(DURUGTUNGAN)



**Ang Pabalat...**

Nasa huling taon na ng Komersiyo sa University of the East, si Consorcia C. Buenviaje, anak nina G. at Gng. Catalino Buenviaje ng Guinayang, San Mateo, Rizal ay lubhang masayahin. Katunayan: tingnan ninyo't nginingitian niya maging ang sariling larawan.



Si Shirley ay unang natanyag sa pelikulang "Sweethearts" na pinagtambalan nila ni Zaldy. Samantala, si Zaldy ay nagsimulang sumikat sa pelikulang "Lo 'Waist Gang". Ang pagtatambal nila sa pelikula ay siyang higit na ipinagkalapit ng kanilang mga damdamin.






TANDUAY

ANG PINAKAMABILING MAY-URING RUM SA PILIPINAS!

• TANDUAY DISTILLERY INC

• ELIZALDE & CO., INC.



"BELOVED"... iyan ang pamagat ng pelikulang muling pinagtatambalan nina Gloria Romero at Ric Rodrigo na ginagawa ng Sampaguita Pictures. Pinamamahalaan ni Direktor-aktor Tony Cayado, ito'y buhat sa panulat ni Dr. Fausto J. Galauran.

# ibat ibang kulay sa puting tabing

ni eddie

May katakawan din naman si Oscar Obligacion. Sa isang siyuting ng **Tuloy ang Ligaya** (LVN) na pinamamahalaan ni Manoling Silos ay kinailangang batuhin ng "cake" si Oka ng isang ekstra. Sumagapak sa mukha ni Oka ang "cake". Dahil sa malaki ang "cake" ay hindi gaanong nadurog at nang matapos ang siyuting ay nakatuwaang damputin ng mga kasama upang kainin.

Talagang hinihintay din pala ni Oka ang oras na iyon. At nang makitang lalantakan na ng mga kasama ang masarap na "cake" ay sumama ang loob. Siya pa nga naman yata ang hindi makakatikim!

At may naisip si Oka. Hiningi kay Leroy ang "cake" at sinabing siya na ang maghihiwa. Ibinigay naman ng isa, nguni't nang hawak na ni Oka ay nag-ubu-ubuhan at suminga. Natilamsikan ang "cake", at mangyari pang "nawalan na ng gana" ang maghahati-hating mga kasama. Ang nangyari, napunta kay Oka ang "cake".

—Maabilidad ka rin naman, ano! —ang nasabi tuloy ni Pugo, at binatukan si Oka.

—oOo—

Sa kauna-unahang pagkakataon, si Aida Cariño ay tutupad ng naiibang papel sa **Zorina** ng Champion Pictures. Sa pelikulang ito'y mapapanood siya na kabaligtaran ng dati niyang katauhan sa mga nilabasan na niyang pelikula. Natanyag si Aida sa pagganap ng mga papel na mapanukso at mapamihag ng kalalakihan, gaya ng papel na tinupad niya sa **Objective: Patayin si Magsaysay.**

Ang **Zorina** ay isang hamon sa kakayahan ni Aida. At nakahanda naman siyang patunayan sa lahat na kaya niyang dalhin ang ano mang uri ng papel.

—oOo—

Malimit tuksuhin ngayon ni Dolphy si Tony Marzan. Sa tuwing magkikita sila ay pinagtatawanan at sinisigawan ng: —Hoy! Magnanakaw ng bibingka!

Kung minsa'y ibig magalit ni Tony. Masakit nga naman sa tenga ang gayong tukso sa kanya. Nguni't hindi naman siya makatutol pagka't tutoo. Minsa'y nagnakaw nga siya ng bibingka!

Pero, huwag kayong magalit kay Tony. Nagnakaw siya ng bibingka sa pelikula lamang, sa isang tagpo ng **Pulot-Gata** ng Sampaguita. Nagnakaw si Tony ng bibingka sa tindahan ng kanyang ina upang iregalo kay Barbara Perez, na siyang kasintahan niya sa nabanggit na pelikula.

—oOo—

Nagkagaya-gaya na ang ilang estudyo sa paggawa ng mga pelikulang binubuo ng maraming kasaysayan. Noong una ay ang Premiere, LVN at Sampaguita. Ngayon naman ay ang Larry Santiago Productions.


Ipinahayag kamakailan ni Larry ang paggawa niya ng isang pelikulang may limang kasaysayan na pinamagatang "Mga Liham Kay Tiya Dely." Batay sa isang programa sa radyo na may ganyan ding pamagat, ang pelikulang ito'y pamamahalaan ng limang direktor — sina Larry Santiago, Pablo Santiago, Artemio Marquez, Felix Villar at Armando de Guzman. Magsisilabas bilang mga pangunang bituin sina Leopoldo Salcedo, Anita Linda, Cielito Legaspi, Chiquito, Renato Robles, Max Alvarado, Bino Garcia, Lopito, Patsy, Boby Gonzales, Francisco Cruz, Dencio Padilla, Alex de Leon, Jose Ejercito at marami pang iba pa.

—oOo—

Si Direktor Ramon A. Estel-



Mga bituing Amerikano at Pilipino ang pinagsama sa pelikulang "MAN ON THE RUN" ng C. Santiago Film Organization. Sa larawan sa itaas ay makikita sina Paul Harber at Amado Cortez, sa isang tagpo ng nabanggit na pelikula na isa pang direksiyon ni Eddie Romero.



Tila may ipinakikiusap si Leroy Salvador kay Nida Blanca sa tagpong ito sa "TULOY ANG LIGAYA ng LVN. Kung ano ay hindi natin malaman. Maaaring... ukol sa suliranin ng puso. Pinamamahalaan ni Direktor Manuel Silos at katulong na mga bituin sina Lita Gutierrez, Pugo at Oscar Obligacion, ang pelikulang ito'y puno ng mga tagpong katatawanan na magpapasakit ng tiyan ng mga manonood.



***SUSAN ROCES***
***ng Sampaguita Pictures***